“Ma!” >.<

“hahahaha” nagtawanan naman yung tatlo. Happy family ganon?

“oh siya! kumain na tayo” si mama.

Nagkainan lang naman kami at nag-usap sila papa at si tan sa sala., siguro about sa basketball o business yan.

Nandito kami sa kusina ni mama at nag-aayos ng kinainan.

Wala naman kasi si Aling Tess ngayon na kasambahay namin.. day-off siya. isa lang din siya na kasambahay namin kasi nandito naman daw si mama at kaya niya pang tumulong sa mga gawaing bahay.

“nakikita ko na mahal ka niya at kaya ka niyang alagaan” si mama.

“ano po mama?”

“sabi ko, mahal ka niyang si Chad at kaya ka niyang alagaan.. alam mo bang yan din ang nakita ko sa papa mo kaya hindi ko na siya pinakawalan”

Mahal ako nung ugok na yun? eh di ba napilitan lang naman siya na maging boyfriend ko..

Hindi ko na nasagot si mama at nagpatuloy na kami sa paghuhugas.

Pagkatapos naming maghugas ay naglalakad na kami sa sala papunta kay papa at tan nang marinig namin ni mama na nagtatawanan ang dalawa habang nakangiti ^__^ ^__^

“ayos pa siya sa papa mo”, bulong ni mama.

“Ma! Naman.” >\\\\<

“basta ang akin lang, wag mong sayangin ang ganyang lalaki na dadaan sa’yo”

Napatahimik ako sa sinasabi ni Mama.

Nasa sala na kami kasama nang dalawa pero nakatayo pa kami ni mama.

“mukhang nage-enjoy ang dalawa nating lalaki dito ah” si mama.

“nakakatuwa kasi tong si Chad, sabi niya para daw lalaki ang anak natin tas binato pala siya sa ulo” si papa.

“0h talaga? Ito talagang si Chloe” si mama.

“Gabi na ah! baka kailangan nang umuwi nyang si Chad”, patuloy ni mama.

“sige po tita, tito. Salamat po”

“chloe, ihatid mo si Chad sa labas” si mama.

“opo”

“sige, sa susunod laro tayo ha?” si papa.

“opo tito.”

Lumabas na kaming dalawa, ihatid ko daw eh..

Chapter 5.4

Nasa labas na kaming dalawa.

“nakakatuwa pamilya mo. hahaha” ^___^

“happy family nga kayong tatlo kanina, pinagtulungan pa ako” >.<

“hahaha, hindi naman eh.” ^__^

“bahala ka nga!”

“sige na, labas na!” taboy ko sa kanya.

“hahahaha... galit na si ISTA!”

“ISTA?”

“oo, TAN ang tawag mo sa akin.. ISTA sa’yo”

“bakit naman Ista?”

“sadista ka kasi”

“tsk.”

“nag-tsk ka, nakakatuwa ka”

Eto talaga para *tsk* lang, eh kasi naman nagagaya na ako sa kanya.

“umuwi ka na, ingat”

“sa susunod, ikaw papakilala ko kay mama!”

“ano?! ayaw ko nga!!”

Tumalikod na ako sa kanya pero bigla niya akong hinila sa braso.

“NO! you’re my girlfriend at dapat legal tayo.. may nakalimutan ako”

Bigla siyang lumapit sa akin at..

“ano bang nakalimutan m—hmpf”

Nabato ako sa kinatatayuan ko.

Ano ba tong lalaki na to?!

Nilapat niya ang labi ko sa labi niyang malambot.

:* he shut me up using his soft and gentle lips.

Lumayo na siya at ngumiti sa akin sabay pinatong ang dalawang kamay sa braso ko.

“bye! Sa susunod ipapakilala kita kay Mama para naman legal na tayo, okay? Ista!”

Sumakay na siya sa sasakyan niya at pinaandar na niya.

A-ano yun?

>.< bat siya ganun. >/////<

Pumasok na ako sa bahay at diretso sa kwarto ang lola mo.

Humiga sa kama at kinuha ang unan at tinakip sa bunganga ko saka ako sumigaw..

“kyaaaaaaaaaa” pero hindi masyadong rinig dahil sa unan.

Napahawak ako sa labi ko.. ang True First Kiss ko sa kanya,..

Ano bang nangyayari sa akin…

Kinikilig ba ako?

Kinikilig ako?

AKO?? KINIKILIG?? <(>0<)>!!!

Waaaaa!!!!!

>Chad’s POV<

Nakakatuwa ang pamilya niya.

Pati yung mukha niya nung ginawa ko yun..

Bakit ko ba ginawa yun?!

Kasi boyfriend naman niya ako di ba? kaya ayos lang yun.

Siya nga nahalik sa akin eh, sa pisngi nga lang.

Tapos kanina, ewan ko ba kung ano ang nangyari sa akin nung sabihan niya ako nang ‘hindi daw ayos laro ko/hindi ako magaling’. Parang ang bigat sa pakiramdam, siguro dahil unang beses may nagsabi ng ganon? TAMA BA? tsk* ewan.

Umuwi na ako sa bahay…

A/N:

Masyado ata akong nikikilig sa dalawa? Hindi pwede!! akin lang si Chad ihhhhh!!! Kasura naman.. yanu! Pero sino ba naman ang hindi kikiligin sa kanilang dalawa >.< nakakatuwa yung family ni Sophia, hahaha ^___^v sana lahat nang family nang babae ganun pag magpapakilala ang boyfii nang kanilang unika hija. ♥♥♥

Next Chapter > Date!

Vote and Comment Please

#krix08 >> The Dream Prince Met The Sadist Princess

(A/N: alam nyo yung writer's block, AYUN! Hahaha nahirapan ako dito kasi tapos na yung ibang Chapter katulad ng Chapter 6 tapos dito wala akong maisip pero ginawa ko yung best ko, okay! Read na guys!)

Chapter 6.1

>Chad's POV<

"Date?!?!", napasigaw na lang ako habang binabasa ang text niya.

"si captain niyayayang mag-date" si dan.

"LOKO!"

"hahaha iba na talaga ngayon ang babae no?"

Iba, ibang-iba lalo na ang isang to' =__=

Pano ba naman nagtext sa akin:

~wag mo na akong sunduin ngayon after ng practice nyo. Sa Sunday mo na lang ako sunduin sa bahay, date tayo.. ang umayaw may batok na makukuha pag nakita ko :* ~

May :* pa na nakalagay!

Ano ba nakain nang isang to? Hahaha ^___^

"okay, practice na kayo. Hatiin natin ang team sa dalawa para maglaban", coach.

Dumating na si coach bago ang try-out namin dati.

"okay!!", sigaw nang team.

At natapos na ang practice namin..

Nagda-drive na ako nang bigla akong mapatigil.

Teka? San ba ako pupunta?

Pagtingin ko sa daan ko, okay balik tayo.. papunta pala to nang Peñamonte High School, sabi nga pala niya wag ko na daw siyang sunduin at may DATE daw kami sa Sunday.

Nasanay lang naman ata tong sasakyan ko na dun nadaan after nang class o nang practice.

Sasakyan nga lang ba?

Oo, yun lang yun..

So may date na ako sa sunday, sabado naman bukas kaya ayos lang.

At katulad nang sinabi niya, sinundo ko siya sa bahay nila at nasa labas na ako.

Late nga ako nang konti eh, konti lang naman.

dingdong

Nagdo-doorbell na ako sa gate nila.

Sumalubong sa akin ang isang babae na ganto ang mukha (~~.)++++

Para atang gusto ko nang umuwi at matulog na lang. -___-

Pagkabukas niya nang gate sa halip na papasukin ako ay lumabas siya at..

pak \(-_-\)

toink Q(-_-Q)

“aray!”

“late ka!” +__+

“5 minutes lang eh,”

“10 minutes kaya”

Tama bang isang sampal at batok ang salubong sa akin. =__=

“tara na!”

Napatingin ako sa kanya.. (.~~)”???

“bakit ganyan suot mo?”, tanong ko.

Nakapang-bahay lang kasi siya.

“your late kaya nagpalit na ako, ayoko na makipagdate.. BYE!” siya

Sabay lakad na papasok nang bahay nila ulit.

Chapter 6.2

WHAT?

Hinawakan ko siya sa braso nang mahigpit..

“NO! may date tayo..”

“wala!”

“meron”

“ayaw ko!”

“gusto ko! magbihis ka na ista.”

“hindi ako magbibihis bahala ka!”

“bahala pala ako Ista eh,”

“ahhhh!!! Ano bang ginagawa mo TAN!!!!!” >.<

“bahala ako di ba” ^__^

Bigla ko siyang binuhat at pinasok sa kotse ko.

Sumakay na rin ako, bababa na sana siya pero hinila ko siya at inakbayan.

“ako bahala di ba?”

“ahhhhh!!!! Kidnap!!!”

“hahaha... kahit magsisigaw ka walang tutulong sa’yo”

Umiiral na naman pagka-iba nang ugali ko pagdating sa taong to’

Yung pagiging calm ko minsan nagiging wild at.. basta!

Pinaadar ko na yung sasakyan..

Bahala ka! May date tayo sa gusto at sa gusto mo. kaya no choice ka sa kin kahit naka-pang bahay ka pa.

“san ba tayo pupunta at anong gagawin natin?”

“sa mall, magda-date!”

“DATE SA MALL!? Nakikita mo ba ang suot ko” 0___0

>Sophia’s POV<

“DATE SA MALL!? Nakikita mo ba ang suot ko” 0___0

“oo, simple pero maganda”, sagot niya.

Okay! sige hindi na ako magbibihis, maganda na pala ako eh, ^___^

“bakit ka nga pala nagpagupit?” tanong niya.

“ahhh… hindi ba bagay? Kasi sabi nang EX ko bagay daw sa akin ang mahaba ang buhok tapos kaya ---“

“mas bagay sa’yo yan”

“h-ha?”

“ang sabi ko mas bagay sa’yo yan, mas bumata ka sa itsura mo.. kaya wag kang makinig sa EX mo”

Okay sabi mo eh,.

Lagi na palang ganto ang gupit ko.

Iling-iling-iling… (--.) (.--) (--.) (.--)

Anong sabi ko?

LAGING GANTO? para ano, para ba lagi din akong maganda sa kanya? <(>0<)>

NO-NO-NO-NO!! hindi, ang ibig kong sabihin para mas maganda akong tingnan nang ibang tao.

Nag-mall na kami at katulad nang inaasahan.

Nakatingin sa amin ang karamihan nang tao, hindi ko alam kung sa gwapong nilalang sila natingin o sa magandang ako na naka-pangbahay lang pero atleast nasabihan nang simple at maganda.

Chapter 6.3

Nakarinig pa kami nang mga usap-usapan.

“ang gwapo niya”

“uyy!! Girl pakipulot naman nang panty ko, nahulog eh!”

“grabe! Hottie”

“pero may girlfriend na eh”

“wala akong pakialam!”

Tiningnan ko ang mokong, ABA! Ngumiti pa sa mga babae. (.~~) ^__^

“0h my ghad!! Nag-iinit ako”

“ako din!”

“pwede ko ba siyang hilahin sa banyo”

GRABE LANG!! ano ba naman tong mga to!

Bigla ko siyang hinawakan sa braso niya..

“wag kang ngumiti sa iba, babatukan kita!” ako. =___=++++

Bigla niyang nilapit ang bibig niya sa tenga ko.

“selosa”, bulong niya.

“uyyy hindi ah! sige, ngitian mo na pala sila” sabay bitaw ko sa braso niya.

F.Y.I. hindi ako selosa no!!

HINDI TALAGA!! >0<

Nakakaasar siya.. >.<

toink Q(-_-Q)

“aray!, bakit na naman?”

“wala lang, tanga ka kasi”

Binatukan ko nga nang isa.. tapos naglakad ako ng medyo mabilis kaya nasa una niya ako.

“sadista”, bulong niya pero rinig ko naman.

Sadista talaga ako no! masanay na siya.. +__+

@rgh. Dafuq!? Bakit ba ito ang pinili niyang panuorin?

Piliin ba yung romantic na movie?

Ang gusto ko, yung mga actions.. BAKIT ITO??!! +___+

Akala ko naman actions din ang pipiliin niya katulad nung mga The Avengers kasi yun ang gusto nang mga lalaki.. yun ang alam ko kaya pinayagan ko siyang pumili nang movie..

Bakit ito pinili niya?

Hindi ba siya na-bobored?!

Ganito kasi yung kwento nang movie na pinapanuod namin sa cinehan.. YES! nasa cinehan kami..

Kwento: Nag-meet si boy at girl tapos nagmahalan sila.. Humadlang ang friends ni boy at parents ni girl tapos gumawa sila nang paraan.. nagtanan sila tapos out of nowhere iniwan si girl ni boy tapos after 3 years malalaman ni girl na may sakit pala si boy 4 years ago pa kaya siya iniwan tapos makikita niya si boy at…

Poof—inaalagaan na siya ngayon ni girl at parang magpapaalam na si boy..

yawn Siguro tulog na yung kasama ko.. hindi kasi nagalaw..

Pagtingin ko..

T__T

Okay! gising siya. pero…

WHAT DAFUQ?!!

Chapter 6.4

WHAT DAFUQ?!!

Lalaki ba siya, bakit umiiyak siya sa mga ganto?!

“lalaki ka ba?” out of nowhere kong tanong habang nakaharap sa kanya.

Naninigurado lang ako baka mamaya iba na pala Boyfriend ko.. (~.~)++++

Bigla niyang pinunasan yung mga luha niya sa pisngi..

“bakit mo natanong? Dahil naiyak ako.. hindi naman ibig sabihin na na-touch ang lalaki sa movie ay bakla na di ba?” firm na sagot niya.

OO nga naman pero—

“excuse yan”, hindi na ako nakatingin sa kanya nang sinabi ko yun.

“bakla nga ata”, bulong ko sa kabilang side, wala naman kasing nakaupo.

“ano sabi mo?”

“wala!!.. bakla”, siyempre bulong lang yung bakala no!

“bakla?” patanong niya.

“OO bakla ka!” humarap na ako sa kanya.

“ulitin mo”, sabi niya..

Hala!! Iba na yung mukha niya, may killing aura na siya.. =___=++++

Siyempre hindi ako nagpahalata kahit takot na ako no!

“bakla!” ako sabay talikod ulit sa kanya.

OH MO!! nakakatakot pala siya.

Bigla niya akong hinawakan sa balikat kaya tumaas lahat nang balahibo ko sa katawan. >.<

“lalaki!! I’ll prove it to you”, bigla niya akong hinarap.

OH MO!! a-anong prove yun?!

<(>0<)> ito na ba yung sinasabi nila na gagawin ang lalaki kapag tinawag mo siyang bakla?!

0h No!! 0h No!!

Nanginginig na yung buo kong katawan..

Hinila niya ang ulo ko palapit habang lumalapit din ang ulo niya..

Ano bang ginagawa nang lalaki kapag tinatawag silang bakla.. delikado daw yun eh,

Palapit na yung mukha niya sa mukha ko.. hindi kaya… hindi kaya ang tinutukoy nilang delikado ay.. Oh Mo!!

Mga 3 inches na lang ang layo nang mukha namin..

Hala!! Hala!! 3 inches.. 2 inches..

1 inch at…

“excuse me mam at sir! Ahmm.. bawal po kasi sa cinehan ang ganyan mam at sir!”, yung girl na taga-bantay sa cinehan.

Bigla niya akobng binitawan at umupo kami nang maayos. <\\\\< >////>

Humarap siya sa left at ako naman sa right kaya magkalayo tingin namin sa isa’t-isa.

kyaaaaaa TT0TT nakakahiya yung nangyari.. pano na to?!

Akala pa nung girl sa cinehan na gumagawa kami nang milagro dito sa kasulok-ulukan, kadilim-diliman at kataas-taasan..

papatayin ko ang lalaki na to eh, ano bang iniisip niya kanina? Pati reputasyon ko sa cinehan nadadamay eh,.. +____+

Delikado pala talaga kapag tinatawag mong bakla ang isang lalaki.. delikado.

Natapos na ang pinapanuod namin..

At siyempre walang miracle na naganap sa movie kaya namatay si boy at naiwan si girl na solo..

Hindi ko siya tinitingnan pero ayon sa aking peripheral vision ay hindi na siya umiiyak.

Siguro hindi na rin niya naintindihan yung movie gawa dun sa nangyari.

Ayan naaalala ko na naman. >0<

Lumabas na kami.. magkatabi kaming naglalakad palabas pero may distance.

Sa next destination naman daw kami,. sa…

~!MoonLand!~

Para siyang mini-enchanted kingdom or star city kasi may mga rides at kung anu-ano pa.

Chapter 6.5

>Chad's POV<

SH.T

Dahil dun sa ginawa ko, hindi ko tuloy siya maka-usap nang maayos.

Mas ayos sana kung natuloy na lang eh, kaso nakita pa nung babae sa cinehan kaya lalo akong naiilang sa kanya.

Nandito kami sa ~!MoonLand!~

Simula kanina hindi pa kami nag-uusap.

"ah-Ah! dun muna tayo oh!", naglakas loob na akong kausapin.

Tumungo lang siya at nagpunta na kami sa isang bench.

"bibili lang ako nang makakain, dito ka muna", paalam ko.

Tumango ulit siya..

Halatang pati siya naiilang sa nangyari. >___>

Gusto ko lang namang patunayan na hindi totoo yung hinuhusga niya eh,

Bumili ako nang makakain namin pati na rin nang ice cream as usual vanilla sa kanya.

Naglalakad na ako palapit nang may mapansin ako.

Agad akong lumapit ako sa kanya at sa kasama niya..

Kaalis ko lang may lumalapit na agad na lalaki dito.

Ewan ko lang pero parang gusto kong basagin ang panga nung lalaki. =__=+++

"ista!", tawag ko.

"0h! andyan na pala yung BOYFRIEND KO!", sabi niya.

Natuwa naman ako dun sa sinabi niya. ^__^

Lumapit siya sa akin.

“sino siya?”, tanong ko kung sino yung katabi niya na ngayon ay makaupo sa bench.

“ah! wala lumapit lang.. number ko daw eh, kaso sabi ko may boyfriend ako.. ayaw namang maniwala”, siya.

Tiningnan ko yung lalaki.

May balak siyang agawin tong babae na to’ eh kung titingnan ko ang katawan niya para namang natutumba na sa isang suntok.. (.~~)+++

“boyfriend, pare!”, sabi ko sa lalaki.

Ngumiti naman tong katabi ko nang sabihin ko yun. ^___^

Umalis na yung lalaki kaya naupo kami ulit sa bench.

“0h!”, abot ko sakanya ng vanilla ice cream at nang ibang pagkain. (.--)--> (--.)

Kumakain na kami nang mga binili ko.

“sa susunod, sapakin mo agad ang lalaki na lalapit sa’yo”

“ha?!”

“wag kang basta basta makikipag-usap sa ibang lalaki?”

“bakit?”

“dahil may BOYFRIEND ka”

“eh pano kung ayaw ko?”

“basta gawin mo na lang”

“pano kung crush ko yung lalaki?”

Tumingin ako sa kanya nang seryoso.. +__+

Tumungo naman siya.

Yun kasing lalaki kanina sarap tanggalan nang panga eh, (~.~)++++

“seloso”, bulong niya rinig ko naman.

“hindi.”

“talaga?”

“oo”

“okay! sabi mo eh”, siya =__=

Hindi naman talaga di ba?

Di ba pumayag lang ako sa boyfriend-girlfriend na to dahil kay Andrew at para hindi masaktan si Chloe.

Yun nga lang ba?!

OO YUN LANG!!

Chapter 6.6

At nagpatuloy na kaming kumain.

Nang matapos kaming kumain ay nagdecide kami nang sasakyan naming rides pero.

“dun tayo sa haunted house”, siya.

“sa ferris wheel.”. ako

“sa haunted house”

“sa ferris wheel..”

“haunted house”

“ferris wheel”

5 minutes pa kaming nagtatalo.

“okay jock n’ poy tayo, sinong manalo siya ang masusunod” siya.

“okay.” simpleng sagot ko. =__=

“okay!”, siya.

Nag-position na kami para sa jock n’ poy.

“jock n’ poy, halle halle hoy, sinong matalo siyang unggoy”, siya.

At…. < (gunting) O (bato)

“aaahhhhhhh!!!!! okay ferris wheel na!”, siya. <(>0<)>!!!

Ako panalo eh, hahaha

“hahahaha” napatawa na lang ako. ^___^

Nagdadabog siyang naglakad papunta sa pila nang ferris wheel..

Halatang ayaw niya.. nauuna siya sa akin maglakad..

Hinabol ko siya at hinawakan ang kamay niya.

“tara!”

“oo nga sa ferris wheel”

“hahaha nakakatuwa ka” ^___^

“tatawa pa! akala mo naman kung sinong gwapo pag natawa”

“hindi ba” hinarap ko ang mukha ko sa kanya at nagpa-cute, sa kanya ko lang to ginawa. (*3*)

Hahahaha tingnan ko nga kung tatalab, sarap niya lokohin eh,

“h-hindi! tara na nga sa ferris wheel” *Q* iling-iling-iling (--.) (.--) (--.) (.--) *stare* (~~.)

“No!”

“ha?”

“sa haunted house tayo, tara na!”

Hinila ko siya papunta sa pila nang haunted house.

Hindi naman sa takot ako.. ayoko lang nang masyadong maingay kaya ayaw ko dito kasi syempre may mga sisigaw dito.

Pero okay lang.. dahil ito naman ang gusto niya.. ^__^

Hawak ko pa rin ang kamay niya sa pila.

Nilalaro ko yung kamay niya.

Ayos lang naman siguro di ba? I mean boyfriend naman niya ako. ^___^ AYOS!

“ngininingiti-ngiti mo?” tanong niya

“wala” sabay pindot ko sa ilong niya.

“@rgh! Wag mo kong ganyanin”

toink =__= Q(-_-Q)

“aray, ang sadista mo Ista ka talaga!” ako.

Tama bang batukan ako?

“tama lang yan”

“okay 10 pairs” sigaw nung nagpapapila sa haunted house.

Malapit na kami kaya kasama kami sa 10 pairs.

Chapter 6.7

“0h! bitawan mo na ako”, ako.

“haaaa….. haaaaa….” Hingal na hingal na siya.

Paano namang hindi eh kung makasigaw akala mo may microphone na dala pagpasok sa haunted house tong kasama ko.

Tapos kung makahawak sa braso ko parang gusto nang ihiwalay sa katawan ko yung braso ko.

Akala mo kung sinong matapang na sadista, mga fake na multo lang pala ang makakapag-pairit dito. Tsk.

“upo muna tayo haaa…. haa…”, sabi niya

Pati ako napapagod sa kanya eh,

“okay”

Umupo kami sa malapit na upuan.

After 10 minutes.

“Roller Coaster tayo” siya.

“okay”

After 10 minutes.

“haaa…. haaaa..” siya.

As usual SIGAW lang niya ang narinig ko, nakalimutan kong magdala ng pantaklob sa tenga.

“umupo muna tayo”, siya.

“okay”

Palakad na sana kami nang makita niya ang Photo Print Machine na malapit sa amin.

Parang katulad nung Photo Machine nung Foundation day namin dati, yung magpo-pose ka tapos after nang 3 shoots ay makukuha mo na yung picture.

“gusto mo?”, tanong ko sa kanya kasi nakita kong kanina pa siya nakatingin.

Tumungo siya kaya hinawakan ko ang kamay niya at pumasok kami sa Photo Print Machine.

Pinindot ko na yung machine.

click

1st shot = Tsk, para namang hindi kami magboyfriend-girlfriend nito.. nakangiti lang kami pareha sa camera tapos medyo magkalayo.

click

2nd shot = Hahaha nagulat siya, BAKIT? masama bang halikan siya? girlfriend ko siya ah! at sa pisngi pa lang yun.

“aray!”, ako.

Pinalo ako sa braso.

“bakit mo ginawa yun?”, siya.

“bakit? girlfriend kita! Wag kang magulo 3rd shot na, humarap ka dun!”

Napansin kong namula siya pero humarap na kami sa camera. (>///<) (^__^)

“hmpf---“

click

3rd shot = I kiss her.. sa Lips. (.^^) (_ _.)”

Pinalo ako ulit sa braso pero mas malakas.

“aray!”

“nakakasura ka!” sabay labas sa Photo Print machine.

“ayaw pa, gusto rin naman”, bulong ko.

Kinuha ko yung picture namin, ang cute nang mukha niya. amp! Hahaha

Dinikit ko yung 3rd shot sa likod ng Cellphone ko, habang nakangiti. (.^^)

Binigay ko rin sa kanya yung picture, at napansin kong nilagay sa cellphone niya yung 2nd shot namin.

Gusto rin naman aayaw-ayaw pa!

“anong tinitingin-tingin mo?”, napansin na nakatingin ako sa kanya.

“ang cute mo” sabay pisil ko sa ilong niya.

“wag mo kong ganyanin” >.<

Hahampasin sana ako nang kamay niya pero bigla kong hinawakan yun.

“tara na!”, sabi ko sabay hila sa kanya. (^___^) (>////>)

I never thought na siya ang makakapagpabalik nang pagiging makulit ko, siguro kung hindi niya ko sinabihan nang: **take the responsibility** ay hindi ako ganito kasaya ngayon at nagluluksa pa rin ako sa nangyari sa amin ni Chloe, pero iba na dahil nandito na siya.

Tinapos namin lahat nang rides sa ~!Moonland!~.

At ngayon naka-upo na naman kami sa isa sa mga bench.

Parang nagdala lang ako nang bata na first time sa ganto.

Tumingin ako sa kanya habang nakaupo kami.

“pffff”, ako.

“bakit?… haaa… haaaa….”, hingal na hingal pa rin siya.

“hahahaha, tingnan mo nga yang mukha mo” ^___^

Kumuha siya nang salamin habang tumatawa ako.

“ang sama mo”, siya sabay hampas sa braso ko.

Eh kasi naman yung mukha niya tapos yung buhok niya ang gulo-gulo na. hahahaha

Ibang – iba to, walang pakialam sa kung anong tingin nang kasama niya sa kanya kahit sa boyfriend niya..

Noon kasing kami ni Chloe parang good sides lang ang nakita ko sa kanya, yung mga bad sides niya nakikita ko kapag kasama niya siAndrew.. ngayon ko lang nalaman ibig sabihin nun, na napapakita mo ang bad sides mo sa taong komportable ka.

Tiningnan ko ulit siya.

“pffff---hahahahaha”

“@rgh.. wag mo kong tawanan”

“okay. hahaha.. sorry, sorry”

After 1 hour.

Kumain kami at unulit ang ibang rides.

Nasa ferris wheel na kami na medyo mabagal lang ang ikot.

“ang ganda dito ano?”

“oo, maganda nga”, sagot ko habang nakatingin sa kanya.

“wag ka ngang tumingin sa akin”, >.<

“bakit?” (.^^)”?

“@rgh, basta wag! Babatukan kita kapag tumingin ka sa akin.

Hindi ko pinansin ang sinasabi niya, nakatingin pa rin ako sa kanya.

Ang ganda niya.

At akin lang siya.

“sabing wag eh!!!”, babatukan na sana ako pero hinawakan ko ulit ang kamay niya.

“salamat”, sabay halik sa kamay niya.

“e-ewan ko sa’yo”, (>.>)

Nagbaba na kami nang ferris wheel at hindi pa rin siya makatingin sa akin.

(.^^) (>.>)

(~.~)+++++ nag-init ang dugo ko, napansin ko na naman na may mga lalaking tumitingin sa kanya, P.TNG.N. kasasabi ko pa lang na akin lang siya eh,

Kanina pa itong mga lalaki na to eh, pagkadating pa lang namin sa ~!MoonLand!~ para atang sinusundan pa kami.

Hinawakan ko ang kamay ni Ista,

“tara na”

“bakit?”

Baka makabasag ako nang mukha kapag nandito tayo eh, baka hindi ko mapigilan ang sarili ko.

“basta! Tara na!”, ako.

“nag-eenjoy pa ako eh, sige na nga! Tara na! pero san tayo?”

“ako bahala”

Hinila ko na siya, inakbayan ko siya at tiningnan ko yung mga lalaki -___-+++++

Umalis na kami at sumakay sa sasakyan ko.

Chapter 6.8

“bakit dito?”, tanong niya.

“lagi kasi kita ditong nakikita, kaya baka gusto mo dito”

“okay, tara sa park tayo”, siya

Nasa Autumn Park kasi kami.

Umupo lang kami sa swing.

“bakit ka laging nandito?”, tanong ko.

“hmmmm… bakit nga ba?!”

“hahaha hindi mo alam?”

“hmmm.. para kasing sobrang sarap dito, yung kapag nandito ka ayos lang kahit wala kang isipin..”

“ahhhhh…..”

“eh bakit ka naman nandito nung araw na sinampal kita?”

Ipinaalala pa yung sampal. Tsk.

“may magandang alaala lang na nandito”

“hmmmm… hahaha, kaya rin siguro gusto ko to’ kasi dito ako dinala ni Ryan nang first date namin.. almost 2 years din kami nun blah blah blah blah”

Parang nag-init yung dugo ko sa sinabi niya.. hindi ko namalayan na niyuyukom ko na pala yung palad ko.. (~.~)++++

“hoy!” bigla niya akong tinapik.

“h-Ha?”

“hindi ka naman nakikinig eh,”

“sorry.”

Nakaramdam lang naman ako nang pakiramdam na ang sarap basagin nang mukha nung EX niya na gwapo DAW.

“ahmmm.. mabuti pa siguro na umuwi na lang muna tayo”, ako.

“hmmm… osige”, siya

Tumayo na kami at naglalakad nang may biglang humarang sa amin.

“nandito lang pala ang lalaking matagal na tayong tinataguan”, boy 1.

“may kasama na naman na bagong babae”, boy 2.

“tanda mo pa ba kami?” boy 3.

“kami na sinabihan mo na ‘maybe your lacking in the DICK area’”, boy 4.

SH.T

Napapalibutan kami ngayon nang isang grupo nang lalaki.

Sigurado ako na isa lang ang pakay nila… at yun ay AKO na akala nila ay si ANDREW! ano bang gulo ang pinapasok nang kapatid kong yun?!

A/N:

0h 0h!! our bidas are on trouble.. ano ang gagawin nila lalo pa at may kasama si Chad na babae?! inakala pa nang mga lalaki na siya si Andrew! anong gulo to? At sinong nakakatanda sa gang/group na yan? sa mga nagbasa nang My Double Prince? Remember nyo pa?!

Next Chapter > Malas! pero Swerte!

Vote and Comment Please

#krix08 >> The Dream Prince Met The Sadist Princess

Chapter 7.1

Tumayo na kami at naglalakad nang may biglang humarang sa amin.

“nandito lang pala ang lalaking matagal na tayong tinataguan”, boy 1.

“may kasama na naman na bagong babae”, boy 2.

“tanda mo pa ba kami?” boy 3.

“kami na sinabihan mo na ‘maybe your lacking in the DICK area’”, boy 4.

SH.T

Napapalibutan kami ngayon nang isang grupo nang lalaki.

Sigurado ako na isa lang ang pakay nila… at yun ay AKO na akala nila ay si ANDREW! ano bang gulo ang pinapasok nang kapatid kong yun?!

Bigla akong kinuhit ni Ista!

“ikaw! Ang dami mong gulong pinapasok!”, bulong niya. (~.~)++

“hindi ako yan” =__=

“tsk, pati ba yan ide-deny mo? eh tingnan mo nga yung mga mata nila, parang gusto ka na nilang ilibing nang buhay”, siya.

(.~_~) (.#_#) (.-_-) (.@_@) (.0_0) (.%_%)

“wala akong alam diyan”

“ANONG PINAGBUBULUNGAN NYO DYAN?”, Boy 5.

“baka nagpapaalam na siya sa babae niya” Boy 6.

Nagtawanan naman sila.

“tapusin na natin to!”, bulong niya.

“tatakbo ka?”, ako.

“ULUL!! Takbo!? Hindi yan uso, eto ang uso!!”, siya sabay sipa sa mukha nang isang lalaki.

“hoy miss, wag kang sumama dito.. baka madamay ka pa!”, boy 7.

b0ogsh

Sinipa naman ni Ista yung Boy 7.

Ting..Ning..Ning..Ning..

Knock-Out!! @__@

“aba! Gusto atang makatikim nung babae”, boy 8.

Susuntukin na sana si Ista pero hinarangan ko nang kamay ko at inikot sa likod niya saka ko siya sinipa nang malakas.

“okay! game na!”, si Ista.

Wala na akong magagawa..

Sumugod na sila..

b0oogsh

thugsh

b0oogsh

thugsh

b0oogsh

thugsh

b0oogsh

thugsh

b0oogsh

thugsh

Grabe!! Para siyang lalaki kung makipag-laban.. hahaha ewan ko kung matatawa ako o matatakot.

Chapter 7.2

Kawawa nga yung mga nakakalaban niya, ako kasi pinapatulog ko lang pero siya mukhang pinapatulog na talaga niya nang PANGHABANGBUHAY..

b0oogsh

thugsh

b0oogsh

thugsh

“ano wala na ba?!” tanong ni Ista sa mga lalaking nakahiga sa lupa.

Biglang bumuhos ang ulan nang napakalakas.

“tara na! naulan na!”, ako.

“hindi, sandali lang.. ang lakas nang loob niyo ha!”, siya sabay sipa sa isang lalaki na nasa lupa. @__@

Yan ang tinatawag na B-R-U-T-A-L!!

Pinigilan ko na siya..

“tara na! naulan na nang malakas!”

Hinila ko na siya papunta sa sasakyan..

Nakakatuwa ang babae na to’

Bakit naman umulan pa nang malakas..

Ang layo pa mandin ka kung saan ko pinark yung sasakyan..

Tumakbo lang kami nang tumakbo habang hawak ko ang isa niyang kamay.

Ang tagal namin bago kami nakapunta sa sasakyan, mabuti hindi namin nadala lahat nang gamit namin, iniwan niya kasi shoulder bag niya tapos ako, iniwan ko cellphone at wallet ko kanina.

Pumasok agad kami nang sasakyan..

“ang lamig”, siya habang hinihimas yung dalawa niyang braso.

Hinubad ko yung polo ko, may shirt pa naman sa loob eh..

Nilagay ko sa balikat niya,

“suot mo”, ako.

“hindi ayos lang—“

Tinakpan ko yung labi niya nang hintuturo kong daliri.

“suotin mo, okay?”, mahinahon kong sabi.

Tumungo lang siya atsaka ko tinanggal ang daliri ko sa labi niya.

Binalot naman niya sa buo niyang katawan ang polo.

Ang lakas pa rin nang ulan..

Pinaandar ko na yung sasakyan ko..

30 minutes pa lang ang nakakalipas nang…

“bakit mo pinatigil?”, tanong niya.

“hindi ko, tinigil.. sandali lang..”, ako.

brmmmm

brmmmm

“ayaw umandar?”, tanong niya.

“ka fu-full tank ko lang nito kanina…”

brmmmm

Ayaw talaga.

MALAS!. =___=

Chapter 7.3

Malayo pa kami sa bahay niya lalo na sa bahay ko.

“pano na tayo?” >0<

Napatingin lang ako sa kung nasan na kami.

At nakita ko yung building na medyo malayo sa amin.

“okay lang ba kung sa condo muna tayo?”

“condo? May condo ka?

“oo, pero minsan ko lang magamit”

“saan?”

Tinuro ko yung building na nakita ko.

Buti lagi kong dala yung susi nang condo ko.

“0h tara na!”

“hindi tayo magta-taxi?”

“may dumadaan ba dito, ang TANGA mo!!”

Napa-isip ako. wala nga pala..

“tara na! ilagay mo yang polo sa ulo mo”, ako.

Ang lakas pa rin kasi nang ulan.

“pano tong sasakyan mo?”

“hindi yan mawawala dyan”

“okay”

Bumaba na kami at tumakbo sa gitna nang napakalakas na ulan.

Hindi naman kalayuan ang condo building ko kung nasan kami eh, pero basang-basa na talaga kami ngayon.

Dumiretso ako sa condo unit ko.

Nasa 20th floor kaya nag-elevator na kami.

Pagkabukas ko ay agad kaming pumasok, sobrang lamig.

“upo ka muna” sabi ko sa kanya.

Umupo naman siya at pumunta ako sa bedroom saka iko kinuha ang dalawang towel sa drawer.

Lumabas ako at napatingin ako sa kanya.

SH.T +__+

Napa-iwas ako nang tingin nang may mapansin ako..

Sabihin na natin na dahil medyo basa yung suot niya at nakapang-bahay siya kaya naman MEDYO kita.

“a-ah! towel 0h!”, inabot ko sa kanya nang hindi ako natingin. >___>

“ang linis mo pala, maganda rin dito”

“o-oo! ligo ka na”, hindi ako mapakali.

“ikaw na muna!, mas nabasa ka!”

“hindi! ikaw na”, pagmamatigas ko.

“ayaw! Kung hindi ka liligo, eh di hindi rin ako” =___=

“tsk. Baka magkasakit ka niyan”

“kaya nga maligo ka na para malaligo na rin ako”

“kulit” =___=

Pero may napansin ako sa kanyang parang iba..

Mamaya na lang, pumunta na ako sa banyo at nagsimulang maligo..

Ayaw pa niya na siya muna..

Chapter 7.4

After 10 minutes, natapos na akong maligo.

Nagpalit na rin ako nang suot ko at saka lumabas nang banyo.

“Ista!! Ista!! Ikaw na!”, tawag ko sa kanya.

“Ista!”, ako.

Pumunta ako sa sala pero wala..

“Ista!!!”, ako.

Nasan na ba yun?!

crshhhh

Nakarinig ako nang nabasag kaya napapunta ako sa kusina.

“ISTA!!”, sigaw ko nang makita ko siyang nakahiga sa sahig at may basag na baso sa tabi niya. 0__0

Lumapit ako kaagad sa kanya at ginalaw siya.

“Ista! Ista!”

“hmmmm” -___-

Hinawakan ko siya sa noo..

Bakit ganto?! may lagnat kaagad siya?! di ba dapat mga 2 araw bago magkalagnat..

Ang init na nang buo niyang katawan.

Binuhat ko siya.. dinala sa kwarto saka ko siya nilapag sa kama..

“Ista!! Ista!!”, ako.

Ang init niya talaga, kinakabahan na ako..

Ano ang gagawin ko? tsk.

Sabi naman kasing siya na munang maligo.

Sabi na nga ba at may mali sa kanya kanina, medyo malamya siya kanina pagdating sa condo ko.

Nagpunta ako sa kusina at nagpa-init nang tubig.

Nang mainit na ay nilagay ko sa isang maliit na lalagyan at pumunta na ulit ako sa kwarto kung saan siya nakahiga.

Kumuha ako nang towel at binabad ko sa mainit na tubig.

Pagtingin ko sa kanya na nakahiga..

Ayos lang naman di ba? kasi wala namang malisya dahil gagawin ko to dahil may sakit siya,.

Pasaway kasing babae.

Akala mo napakalakas tapos mahina naman pala sa sakit.

Nagsisimula na akong tanggalin ang suot niya.

Okay wala na yung pang-itaas niya.

Tama ako, pink na may horizontal line nga ang suot niya na bra.

Bakit?! Walang masama, nakita ko lang kanina kasi basa yung suot niya. =__=

Nagsimula na akong punasan siya sa katawan niya.

Pero bigla niyang hinawakan ang kamay ko.. at nilagay niya sa pisngi niya..

“wag mo kong iiwan”, mahina niyang sinabi.

May tumulong luha sa kanya kaya naman pinunasan ko gamit ang isa kong kamay..

Hinawakan ko ang kamay niya na nakahawak sa akin.

“hindi kita iiwan, nandito lang ako.. okay?”, ako sabay halik sa kamay niya.

Unti-unti kong nilagay ang kamay niya sa tagiliran niya.

Chapter 7.5

Pinunasan ko na ulit siya nang mainit na tubig.

Nag-iinit ako, a-ang ibig kong sabihin kasi ang init nung tubig kaya nag-iinit yung kamay ko at pinagpapawisan. +__+

Tinanggal ko na rin ang pang-ibaba niya habang nakapikit..

Delikado na! baka mamaya hindi pa mapigilan kaya pumikit ako..

Kinuha ko yung jogging pants ko at sinuot ko sa kanya.. Kumuha na rin ako nang t-shirt ko saka ko sinuot sa pang-itaas niya.

Napatingin ako sa kanya na mahimbing na natutulog.

Ang ganda niya, she's beautiful lalo na kapag ganto siya pero mas gusto ko yung sadista na side niya.. hahaha ^__^

Napatingin ako sa labi niya pero pinigilan ko ang sarili ko.

tsup sa noo ko lang siya hinalikan..

Napangiti ako at nasabi ko na lang na:

"nagseselos nga ako, kanina yung lalaki sa moonland na lumapit sa'yo at sa EX mo", tulog naman siya kaya ayos lang.

Hinawakan ko yung noo niya, hindi na gaanong mainit sa tingin ko medyo bumaba na siya..

Aalis na sana ako nang bigla niyang hawakan ang kamay ko na nasa noo niya..

"wag..mo..kong..iwan", bulong niya pero sapat lang para marinig ko.

Umupo ako sa bedside at hinawakan ang dalawa niyang kamay..

First time ko lang tong gagawin pero ayos lang naman di ba?

~Hindi Kita Iiwan~

Hindi kita iiwan
Hindi pababayaan
Sa akin ay hindi ka iiyak na kahit minsan
Hindi kita iiwan
Hindi pababayaan

Hinding hindi ka sasaktan
O akin ka na lang di kita iiwan

Lahat ay gagawin
Pag ika'y napa sa akin
Lahat ng utos mo ay aking susundin
Hindi ko hahayaan na ikaw ay masaktan
Mahal sana naman sa akin ka na lang

Hindi kita iiwan....
Akin ka na lang.....

Napangiti naman siya pagkatapos kong kumanta at nilagay ko ulit ang kamay niya sa tagiliran niya.

Tinitigan ko ulit siya at *tsup*

“hindi kita iiwan”, smack lang naman sa labi, ayos lang yun di ba?!

Lumabas muna ako nang kwarto at hinanap ang gamot sa cabinet na nasa sala.

Ipapainom ko sa kanya to’ mamaya baka kasi hindi pa niya mainom ngayon..

Konsensya: bakit hindi mo na lang gawin yung ginawa mo dati kay Chloe!

Ako: hindi! hindi pwede! baka mabatukan lang ako niyan.

Konsensya: hindi yan!

Ako: baka sabihin na kahit na may sakit siya gagawin ko pa rin siyang PARAUSAN.

Konsensya: OO nga! Wrong move pala yun.

Hahahaha kung ano-ano na lang naiisp ko.

Kumuha ako nang gamot at tubig para sa kanya at nilagay ko sa table na nasa tabi nang kama.

Ang sarap niyang alagaan..

Ginagawa ko pa ba to dahil concern ako kay Chloe at kay Andrew? o dahil…

I’m starting to fall with this sadist princess.

Iniwan ko na muna siya sa kwarto at dumiretso ako sa sala, don na lang muna ako matutulog.

Gabi na rin,. Tsk. Nakakapagod ang araw na to, ang malas pero nabawi lahat nang makita ko siya kanina. ^___^ makikita naman niya siguro yung baso ng tubig at gamot pagkagising niya..

Humiga na ako at natulog nang nakangiti.

Chapter 7.6

>Sophia's POV<

a-ahhh!!! Ang sakit nang ulo ko.

Uminom ba ako nang alcohol kagabi, bakit ganito kasakit ang ulo ko.

Napabangon ako at napatingin ako sa salamin na nasa kwarto.

Kwarto?? Kwarto??

Nilibot ko nang tingin yung buong kwarto..

Pagkatingin ko sa salamin. -_- o__o 0__0 O___O

"AHHHHHHHHHHHHH!!!!!!!!", napasigaw ako nang makita ko ang suot ko.

May nagmadaling tumakbo at may nagbukas nang pinto sa kwarto kung nasan ako..

"IKAW!!??? SABI NA NGA BA GINAWA MO NA NAMAN AKONG----"

Bigla niyang tinakluban ang bibig ko nang kamay niya.

"Hindi kita ginawang parausan, inuunahan na kita.. nandito ka sa condo ko kasi nagkasakit ka po at pinaltan ko lang ang damit mo.. okay"

Nagtungo na lang ako.. (~.~)++

"tsk, parausan na naman.. sinabi na ngang hindi ako ganun", bulong niya sa sarili niya. =___=

Eh malay natin di ba?! baka mamaya naka-second home run na pala ang gagu hindi kon pa alam.

Ahhhh… kaya pala medyo masakit ang ulo ko at may naaalala na ako, naulanan kami at nasiraan nang sasakyan kaya kami napunta dito.

Lumabas na siya kaya sumunod naman ako.

Q pagkapunta ko sa sala.

Gawa niya lahat nang to?!

GRABE!! Siya na!!

“luto mo?”

“oo”

“kumain ka na at maya-maya ka umuwi baka lumala pa yang sakit mo eh,”

Maya-maya okay lang naman pero.. Sunday kahapon at ngayon ay…

“Monday ngayon?!” pasigaw na tanong ko.

“oo, oo.. wag ka masyado sumigaw, yung tenga ko”

“hindi ako pwedeng ma-late!”

“umabsent ka!”

“may report ako sa first subject ko!”

“mag-excuse ka, sabihin mo may sakit ka.. baka lumala yan eh”

“hindi.. please! Kahit sa first subject lang ako pumasok tapos aabsent na ako”

“HINDI”, sagot niya.

“bahala ka, papasok ako sa ayaw at sa gusto mo”

“ang kulit, kaya nagkakasakit eh.. pano ka papasok kung wala kang damit?? Uuwi ka pa? eh di mala-late ka din”

Napa-isip ako, oo nga.. medyo malayo dito ang bahay. TT0TT

Napatungo na lang ako.. pero hindi ako pwedeng umabsent kasi reporting namin sa history ay 30%. (_ _.)

“OO na! papasok ka na, pero sa first subject lang ha?”

Chapter 7.7

Napatingin ako sa kanya.

“eh?”

“first subject lang tapos uuwi ka na rin, okay?”, siya sabay turo sa akin.

Tumungo na lang ako.

“pero pano yung damit ko at u-underwear ko”

“para san pa ang mall namin kung hindi gagamitin”

OO nga!! May mall sila dito na medyo malapit.

“talaga?!”

“oo nga, basta 1st subject ka lang papasok at sasamahan kitang pumasok”

“pano schoool mo? practice mo?”

“mamayng hapon ako magp-practice at tanghali pa klase ko, ako na rin maghahatid sa’yo pauwi sa inyo”

“o-okay” >.<

May nakain ba siya?! bakit para atang sobrang protective niya tapos hindi lang yun!! m-medyo mabait ata siya?! tama ba?! kasi biruin mo hindi siya magp-practice ngayon tapos ihahatid pa ako after ng first class namin.

“m-may nakain ka ba?”

“wala pa, gutom na nga ako eh.. kain na tayo”

Umupo na siya sa kainan kaya umupo na rin ako.

“eh bat para atang ang b-bait mo ngayon?” >///< nahihiya akong tanungin kung bakit eh,

“simple lang, guso mong malaman?!”

Natungo na lang ako.

Bigla siyang tumayo at lumapit sa akin saka bumulong..

“dahil boyfriend mo ako at girlfriend kita” *tsup* “sige, kain ka na muna, bibili lang ako nang damit mo total naman hindi kayo uniform tuwing Monday, balik ako kaya intayin mo ako”, siya sabay labas nang condo.

Ano ba naman yun?!

“kyaaaaaa……” <(>0<)>!!!

Bigla na lang akong napa-irit.

Nagulat ako nang bumukas ulit ang pinto..

Sumilip siya at:

“wag kang masyadong kiligin, magigising yung mga tao.. bye” siya sabay kindat.

Q ano nang nangyari sa TAN ko!! kinain na ba siya ng alien o baka naman hindi talaga siya si TAN!! \\(**.) (.**)// \(*.*)/

Ganun ba talaga ka-sweet yun?! 0h Mo!! 0h Mo!! namumula ata ako. >////<

Hindi ako mapakali habang nakain ng masarp kong almusal na gawa nang adonis kong boyfriend.

Hindi pa ako tapos kumain nang mag-ring ang phone ko na nasa shoulder bag ko pa.

Tumayo ako .. kinuha ang cellphone at sinagot ang tawag..

“ista.. uhmmm… hmmm…”

“bakit?”

Bakit naman kaya nabubulol to?!

“a-ano.. yung… yung…”

“alin?”

“yungsizenangunderwearmo?!”

“ha? hindi ko maintindihan, dahan-dahan lang”

“yung..size..nang..underwear..mo?”, siya.

Narinig ko na nagbuntong hininga siya pagkatanong niya.

Hahhahahahaha yun lang ang tinatanong niya tapos kinakabahan siya.

“pffftt----okay.. okay.. ahmmm.. B-Cup yung sa taas tapos Medium naman sa baba”

“okay.. okay.. ‘sir ayos lang po ba kayo namumula po kasi kayo’, a-ah! ayos lang ako”

Bigla kong binaba yung tawag.

Chapter 7.8

Pagkababa ko nang tawag ay humagalpak ako sa kakatawa. Pano ba naman, tinanong siya nang sales lady kung ayos lang daw ba siya kasi namumula siya..

“hahahahahahahahahaha” gulong ako sa sahig.

Grabe!! Ang sakit nang tiyan ko sa kakatawa kaya hindi na ako nakakain, gumagaling ang sakit ko nang wala sa oras nito eh,

May nakalimutan ako na ipabili kaya tinawagan ko siya.

Sinagot naman niya agad.

“0h bakit?”, siya.

“ahmmm… may nakalimutan kasi ako ipabili, nandyan ka pa ba sa mall”

“oo, ano ba yun”

“pantyliner”

“okay,. ahhh miss san po ba sito yung pantyliner”? tanong siguro niya sa sales lady.

And for the second time, humagalpak na naman ako sa tawa.. hahahahaha

sabi ba naman sa kanya nung sales lady ay: “sir! Ang bastos nyo naman po”

Hahahahaha

Hindi ko na siya pinabili sa mall, sabi ko sa tindahan na lang siya bumili.

Ano naman kayang bastos sa pantyliner? Sira ulo yung sales lady na yun.

Dumating na siya agad at dala ang kanyang mga pinamili..

May mga doll shoes na rin at kung anu-ano pa.

Ayos pala to!

Nakaligo na rin ako kanina ayaw niya,.. sabi niya baka daw lumala pero gusto ko kaya sabi niya mag-init daw ako nang tubig, at ginawa ko naman ang sabi ni Tan!

“suot mo na yan! tapos punta na tayo sa school mo, magt-time na” siya.

“hindi ka pa nakain”

“bibili na lang ako sa school niyo”

“no! gutom ka na sabi mo kanina kaya kumain ka”

“hindi na nga” =__=

“hindi na pala ako papasok”

Blam

Isinarado ko nang malakas yung pinto nang kwarto niya.

*knock**knock**knock*

“oo na, kakain na ako”, narinig kong sabi niya sa labas nang pinto.

Binuksan ko yung pinto.

“okay kumain ka na, habang nagbibihis ako”

“kulit talaga”, =__= siya sabay gulo nang buhok ko.

“wag mong guluhin buhok ko!”, ako.

toink =___= Q(-_-Q)

“aray! Bakit mo ko binatukan?”

“dapat lang yan sa’yo!”

Blam

Sinarado ko na ulit ang pinto..

Ayoko na ginugulo ang buhok ko kasi.. OO na!! nakakakilig kaya <(>0<)>

Natapos na akong magbihis at natapos na rin siyang kumain.

Lumabas kami nang building at nagpunta sa parking lot.

Chapter 7.9

Nagsakay kami sa sasakyan niya, ihahatid niya daw ako at iintayin na rin na matapos ang 1st subject ko para maihatid niya sa bahay.

Yup! may sasakyan pa siyang isa na nasa parking lot, extra daw yun katulad na lang kahapon na nasiraan ang isa nyang sasakyan.

At yung nasiraan daw niyang sasakyan ay ipinakuha na niya kahapon pa.

Siyempre siya nagmamaneho at ako sa tabi nang driver's seat.

May gusto akong itanong sa kanya na matagal..

"ahmmm.. tan.. bakit hindi ka na nagco-contact lense? Yung blue?"

screeeeechhhhh

Napahawak ako sa seatbelt ko nang magpreno siya bigla.

"bakit?!"

"a-aH! wala may pusa lang kaya nag-preno ako"

Pinaandar na ulit niya yung sasakyan niya.

"bakit?", tanong ko ulit.

"a-ano nga ba yun?"

Bakit parang kinakabahan siya.

"yung contact lense mo na blue?"

"a-ah! hindi ko na kasi nagagamit eh"

"ahh…" =__=

Mas gwapo kasi siya dun pero mas gusto ko ang natural na mata niya, may pagka-gentle kasi yung black eyes niya hindi katulad nung blue na may pagka-wild.

Binaba na niya ako sa school at bumaba rin siya.

"Iintayin mo talaga ako dito? magpractice ka na lang kaya, kaya ko namang umuwi eh"

"hindi na! sige na, mala-late ka pa" ^__^

At pumasok na nga ako..

>Chad’s POV<

Isang oras na rin ang nakakalipas, kaya siguradong palabas na rin siya.

Nakasandal ako sa sasakyan ko..

“Tan!”

Napalingon ako, ayun na siya pero hindi siya solo.. may kasama siya na babae rin.

Pagkalapit na pagkalapit nang dalawa ay agad na nagsalit yung babae,.

“ikaw Sophia, hindi mo sa akin sinasabi na ito naman pala ang pinalit mo kay ryan eh”, yung babaeng kasama niya na tumapik pa kay Ista.

“s-sino siya?”

Para kasing kilala niya ako.

“ano ka ba? Tan! Siya si Aira, yung nag-invite sa akin sa bar dati, tsk.. nang magkita tayo”

Aira.. Aira.. bigla akong kinabahan..

Siya.. siya yung babae na sinabi ni Ista na nag-invite sa kanya sa bar soo kung ganon alam niya ang pangalan ni.. Andrew..

“di ba ikaw si a-an-And----“, si Aira.

Hindi ko na siya pinatapos..

Sinakay ko na si Ista sa sasakyan..

Kilala nga niya si Andrew..

PATAY!! Mabubuking at mabubuking na rin ako.

“Ista! May gusto akong sabihin sa’yo! Ang totoo niyan---“

*ring**ring**ring**ring*

Sinagot ni ista ang tumatawag sa kanya.

Chapter 7.10

Sinagot niya ang tawag kung sino man yun.

“hello?”

“ARAY! Mama!! Wag kasigaw!!”

“kasama ko po si Chad! nagkasakit lang po kasi ako..” =___=

“kagabi po.. opo.. opo.. ayos na po”

“uuwi na po ako ngayon diyan”

“o sige po”

Nilagay na ulit niya ang phone sa bag niya.

“ano daw?”

“ayun, sinigawan ako kung bakit daw hindi ako umuwi..”

“ie-explain ko mamaya”

“wag na, sinabi ko na naman”

“No! ako na bahala, ihahatid na rin naman kita”

Inihatid ko na siya sa bahay nila at pinapasok naman niya ako.

Nasa bahay nila si Tita at pinaakyat niya agad si Sophia sa kwarto.

Inexplain na ni Tita kung bakit ganon kabilis maapektuhan si Ista sa lagnat at sakit, kasi daw mahina ang katawan ni Ista pagdating sa ganun.

Alam daw ni Ista pero bakit pa siya nagpa-ulan?!

Napakapasaway eh,

Inexplain ko na rin yung buong nangyari kung bakit hindi nakauwi si ista at ayos lang daw kay Tita, nagalala lang daw sila ni Tito.

“uuna na po ako Tita, may pasok pa po ako”, paalam ko kay Tita.

“oh sige.. oh sige.. salamat! Chad ha?!”

“okay lang po”

“sige po”

At umalis na ako sa bahay nila..

SH.T =___=

Naalala ko yung dapat na sasabihin ko sa kanya na hindi ko na nasabi.

Ano ba talagang nangyari?!

A/N:

Lumiliit na ang mundo nang ating mga BIDAs, pano na yan?! at anong gagawin ni Chad?! madadamay din ba ang ating unang mga bida na sina Andrew at Vhloe.. hmmmm…

Hanggang ngayon guys may writer’s block pa rin ako. kaya pasensya na sa mga updates.. hahaha.. pero sa susunod I’ll make sure na mawawala na to’ pwamiz.

Next Chapter > Nervous Meeting.

Vote and Comment sa may gusto, sa ayw wag pilitin baka pumayag

#krix08 >> The Dream Prince Met The Sadist Princess

Chapter 8.1

>Chad's POV<

"bat ka naka-contact lense?", tanong ni Ista.

"bakit? Ayaw mo ba, tatanggalin ko na"

"no, hindi. I mean, nakakapanibago lang kahit pangalawang beses na kitang nkita na blue ang mata. Hahaha",

"bagay ba?"

"hmmm… pwede na, eh bakit ganyan ang suot mo? parang medyo formal" (.--)"?? ^__^

Nandito ako ngayon sa school nila, Tuesday ngayon.. ^__^

Medyo formal talaga para mamaya. Hahaha.

"okay! tara na!"

"saan?" (.--)?

"magda-date! Di ba sabi ko sa'yo magda-date tayo ngayon?" ^__^

"may practice kaya kayo"

"wala, wala si coach at pahinga daw muna kami"

"tinatakasan mo ata practice nyo para lang sa akin eh,"

"hindi ah! mas importante yung practice ko, wala lang talaga ngayon"

"ah! ganun!! sige dun ka na sa practice mo *thugsh**thugsh*",

"aray! Ang sakit ha"

Biglang naglakad nang mabilis pagkatapos akong hampasin nang bag niya.

Siyempre lalambingin ko yan kaya ko sinabi yun.

Lumakad na ako palapit sa kanya at nang nasa tabi ko siya hinawakan ko ang kamay niya at ni-lock ko sa kamy ko.

Tinatanggal niya pero hinigpitan ko saka ko hinila ang kamay niya.

“joke lang yun, may practice nga kami.. ayos lang yun! mas mahalaga ka dun! Hahaha”, ako.

“bulaan, wala kayong practice”

Umiling ako.

“mas mahalaga ka dun, alam mo bang first time kong umabsent sa practice..”, seryoso kong sabi.

Natahimik naman siya., naramdaman siguro na totoo naman ang sinasabi ko. (._ _)

Hinila ko na siya papasok nang kotse.

Mas mahalaga ang gagawin ko ngayon kaysa sa kahit na ano pa man, ito ang first time na gagawin ko to’, hindi pa niya alam at ayokong ipaalam dahil siguradong hindi yan papayag.

Pinaandar ko na ang sasakyan at pinark ko sa parking lot nang mall namin.

“bakit tayo nandito?”

“hmmmm… wala naman” ^__^

“oh eh, bakit mo ako dito dinala?”

“basta! Wag ka na lang matanong tara na!”

Hinawakan ko ang kamay niya, ayos lang naman di ba? BOYFRIEND niya ako at GIRLFRIEND ko siya kaya ayos lang kahit gawin namin to sa public, hindi naman ganun ka-PDA eh,

Pumasok na kami sa mall namin.

Chapter 8.2

Pumasok ako sa isa sa mga stores na pang-babae.

“Good Afternoon, Mr. Ayala”, bati nung sales lady.

“bakit tayo nandito?” (.--)??

“wala lang, gusto ko lang na ibili ka nang damit”

“marami akong damit, hindi na kailangan”

Lalabas na sana siya pero pinigilan ko siya. ( )

“dali na, wag nang makulit.. pumili ka na kahit isa lang”

“okay! ikaw nasasanay ka nang inuutusan at pinapasunod ako ha!”

Hahaha siya nga lagi nasusunod sa amin eh, ^__^

Nagtry siya nang nagtry at pinapakita niya sa akin..

Ako daw ang pumili total naman daw ako ang may gusto.

At napili ko naman syempre yung medyo pang-desente para bagay mamaya.

Nagbili na rin siya nang heels na mga 2 inches lang, ayaw daw niya nang mataas, masakit sa paa kung gusto ko daw ako na lang magsuot. hahaha

“okay na to?”, tanong niya.

“oo”

“parang sobrang simple naman”

“ayos lang yan,”

“saan naman tayo ngayon?”

“tara!”

Hindi ko na siya pinaiimik at hinila ko na siya agad.

Suot na niya yung binili namin na pinili ko para sa kanya.

“bakit naman tayo nandito?” (.~~)??

“wala lang! gusto ko lang na kahit paminsan-minsan maganda ka”

“ah ganun! so hindi ako maganda sa paningin mo?!”

“paminsan-minsan MAS maganda ka, oh! ano? okay na! tara na nga!”

Inakbayan ko na siya at pumasok kami sa isa sa mga salon dito sa loob nang mall.

“Mr. Ayala, at 0oh!! ang galing talagang pumili ni Mr. Ayala”, bati sa amin nung bakla sa salon.

Kilala niya ako kasi laging nandito si Ma at nagpapaayos kapag may occasion.

“ayusan mo siya, simple lang pero kailangan MAS maganda at desente”

“so hindi ako desente?”, bulong niya sa akin. (~.~)

“ayusan mo siya, simple lang pero kailangan MAS maganda at MAS desente”

Pianupo na siya sa isa sa mga upuan at ako naman ay nagbabasa nang magazine sa loob nang salon habang nakaupo at nag-iintay sa kanya.

(_ _.) zZzzzzz…

“chad.. chad.. uyyy… gising! Tapos na”

Napamulat ako nang kaunti, may gumigising kas sa mahimbing kung tulog.

-__- o__- -__o o__o 0__0 O__O

“naku miss! Sorry, may kasama na ako eh, magagalit yun kapag nakita ka”, sabi ko sa babaeng gumising sa akin kahit na alam kung siya naman yun.

“tara na!” sabi niya.

“sorry miss may kasama ako eh,” ang sarap lang niyang lokohin pero gumanda talaga siya ngayon.

“hayy.. naku.. Mr. Ayala, wag ka nang magkunwari, maganda naman talaga yang girlfriend mo” singit nung bakla.

“halata ba? ahahah”, ako.

“ang sama mo”, si Ista sabay hampas sa akin at lumabas na nang salon.

“ano bang occasion ang meron at pinaayusan mo siya?” tanong nung bakla.

Binulong ko naman kung anong meron at natuwa naman siya.

Hahahaha.

Chapter 8.3

Lumabas na rin ako at nakita ko siya na nasa tabi nang glass door nang salon.

“ang tagal mo!”, salubong niya.

“tara na!”

“saan naman ngayon?”

“basta! Surprise!” ako.

Medyo natagalan pala kami sa salon kaya medyo gabi na rin.

Naglalakad na kami palabas nang mall nang makita ko **siya**.

Patay!! Agad akong umiwas nang tingin at binilisan ang lakad namin.

“wag mong masyadong bilisan, ikaw kaya mag-heels”, siya.

Hawak ko kasi ang kamay niya kaya napapabilis din ang lakad niya.

Pero binilisan ko pa rin.

Alam kong nakita rin niya ako..

Nakita niya ako na suot ang Blue Eyes na contact lense.

Si Chloe.

Nakarating na kami sa parking lot kung saan nandun ang kotse.

“saan na ba tayo?! Wag mong sabihin na pinaayusan mo lang ako dahil gusto mo akong makita na nakaayos”, siya.

“basta! Wag ka nang magtanung!”, ako.

Pinapasok ko na siya sa kotse at pumasok na rin ako saka ko pinaandar.

Sigurado akong nakita kami ni Chloe, at parang galit siya.. hindi kaya inakala niya na ako si Andrew dahil naka-Blue Eyes contact lense ako at akala niya ay nakikipag-date si Andrew sa iba.

PATAY na!! pero hindi ko muna yun inisip, dahil mas mahalaga ito.

*beep**beep*

Binuksan naman nung guard ang gate nang nagbusina na ako.

“good evening po sir”, bati nang guard samin.

“mukhang may kasama ka sir ah”, patuloy nung guard nang makita yung kasama ko na nakatulog na sa biyahe.

“oo eh,”, ako.

“sige po sir”, yung guard.

Lumabas na ako sa kotse at binuksan ko naman pinto nang kotse kung saam nandoon siya.

“Ista.. Ista.. gising na, nandito na tayo”, ako habang inuuga ko siya.

“hmmmm… sorry, nakatulog ako”, siya.

Tinanggal na niya yung seatbelt at bumaba na rin siya.

Pumasok kami sa loob nang bahay.

“kaninong bahay to?”, tanong niya.

“hmmm… sa amin” ako.

“what? Bakit tayo nandito?”, siya.

Kaya ba ayaw kong sabihin sa kanya eh, hindi ko pa nga sinasabi kung bakit ganyan na agad ang reaksyon niya.

“ipapakilala kita sa babae nang buhay ko…”, ako.

Nandito na daw siya eh, pinauwi ko nga nang maaga para sa gabing ito.

“BABAE NANG BUHAY MO?! MAY ASAWA KA NA?!” O__O

“aray! Tenga ko..”, ako.

*thugsh**thugsh* Q(~_~Q)

“aray! Aray! Tama na.. masakit ah!”

“manloloko ka talaga kahit kailan” Q(~_~Q)

Nasa sopa na kami habang hinahampas pa rin niya ako nang biglang..

“ganyan na ba maglambingan ngayon ang kabataan anak?”

Chapter 8.4

Napatigil siya sa paghampas nang makita niya ang babae nang buhay ko na nasa taas nang stairs.

“Ma!”, tawag ko.

“hahaha nakakatuwa naman kayo”, si Ma.

“m-mama mo?!” bulong ni Ista.

“oo ang babae nang buhay ko” ^__^

“bakit hindi mo sinabi sa akin” bulong niya pa rin.

“dahil alam kong hindi ka papayag”

“nakakaasar ka” siya. <(>.<)>!!!

“hahaha, just be yourself.. wag kang matakot” ako.

“tapos na ba kayong magbulungan? Hahaha”, tanong ni Ma habang pababa ng stairs.

Lumapit ako kay mama habang hawak ang kamay ni Ista, hahaha nilalamig ang kamay niya. kabado.

Sabi naman kasing just be yourself.

“Sophia pala Ma! Girlfriend ko, isa na rin sa buhay ko ngayon”, ako. ^__^

“Sophia..”, sabi ni Mama. ^__^

“good evening po mam”, sabay tungo pa ni Ista.

“hahaha, don’t call me mam, tita na lang magmumukha akong matanda kapag mam.. hahaha at wag kang kabahan, hindi ako nangangain”, si Ma.

“hindi po, mukha nga po kayong dalaga pa eh”, si ista.

“hahaha eh marunong naman palang pumili ang anak ko eh,”

“hahahaha. Ako pa!”, ako.

“tara na, kain muna tayo.. pinagluto ko kayo!” si Ma.

Nagluto pa eh galing na nga sa trabaho, pero pabayaan ko lang daw siyang magluto sabi niya kasi pampatanggal na rin daw yun nang stress niya.

“umupo ka hija” si ma.

Umupo si ista sa tabi ko at nasa harap namin si mama.

“wag kang mag-alala hija, ang mahal nang anak ko ay mahal ko na rin”

Napangiti naman si ista sa sinabi ni mama.

Ayos! Pasado na.. legal na naman kami sa parents ni ista kaya legal na rin ang relasyon namin.

Kumakain na kaming tatlo, pakiramdam ko medyo normal na si Ista.

“masarap ba hija? Paborito yan ni Chad na pasta”

“opo, may pinagmanahan naman pala si Chad pagdating sa pagluluto” ^__^

“0h! pinagluto ka na niya? hahaha”

“opo, isang beses pa lang po”

“ano nga bang full name mo hija”

“Sophia.. Sophia Chloe Villafuente po”

“mahilig sa Chloe ang anak ko ah”

“Po?”

“wala, so Villafuente ka pala.. papa mo si Jon Villafuente, tama ba?”

“opo, papa ko po siya”

“nakakasama ko lang sila sa ibang business gatherings kaya pamilyar na rin siya sa akin”

“hahaha ganun din po ang pinag-usapn nila ni Tan I mean ni Chad po at ni papa nung pinakilala ko sila”

“0h! pinakilala mo na pala sa papa mo ang anak ko? hahaha”

“opo, at nakuha po agad ang tiwala. Ahahaha”

“mabuti yan at legal kayo.. alam mo bang ikaw ang unang babae na pinakilala sa akin niyang anak ko”

Napangiti naman si Ista.

Chapter 8.5

Grabe! Hindi ako makasangat sa dalawa. Hahaha pero ayos lang atleast tanggap na rin siya ni Ma!

Natapos na kaming kumain at nag-uusap pa rin ang dalawa habang nasa sala, nadito lang naman ako sa tabio nila pero hinahayaan ko lang sila.

“papa po ba yun ni Chad?”, sabay turo sa portrait ni dad na nasa sala.

“oo, dad niya yan.. ang lalaking minahal at minamahal ko”

“hahaha ngayon ko lang po siya nakita, nasan na po siya?”

“unfortunately hija wala na siya, bata pa lang si Chad nang mawala and dad niya”

“sorry po”

“no, don’t be..ayos lang hija”

“may replica po pala ang asaw nyo”

“oo nga eh, wala ngang nakuha si Chad kahit mata ko lang, talagang lahat sa dad niya”

“hmm… may kapatid po ba si Chad?”

Agad akong napatayo sa tinanong niya.

“ahh.. wala pero actually—“

Nilapitan ko na si ista at hinawakan sa kamay.

“nag-text na sa akin si tito na ihatid na daw kita, masyado na daw gabi”

“ah-ganun ba, sige po tita, si Papa kasi eh” ^__^

“sige, dumalaw ka dito mga minsan hija ha?!”

“salamat po tita”

“okay, Chad. ingat kayo”, si Ma!

“Sige po Ma!”

Lumabas na kami nang bahay.

At ihinatid ko na siya gamit ang kotse ni Ma! Nakalimutan ko kasi magpagasolina kanina.

Nasa byahe na kami, kanina pa ako humahanap nang pagkakataon..

Malapit na kami sa kanila, mga 20 minutes na lang..

Ngayon ko na sasabihin sa kanya, wala nang ibang oras.. baka mamaya sa iba pa niya malaman.. at lalo lang lumala.

“Ista.. ang totoo niyan, HINDI AKO YUNG TAONG hinahanap mo..”

Narmdaman kung hinarap niya ako, kanina kasi nakatalikod siya sa akin.. pero hindi siya umimik kaya nagdiretso lang ako sa sinasabi ko…

“ang totoo niyan, may step-brother ako at kamukhang-kamukha ko siya ang tanging pinagkaiba lang namin ay ang mata namin dahil blue ang mata niya at ako naman ay black.. siya ang nakasama mo sa bar nang gabing yun.. pero please! Wag kang magalit sa akin, maaring nung una nag-Pretend ako pero ngayon..

Tinigil ko yung sasakyan at humarap ako sa kanya pero nakatungo kaya hindi ko siya kita..

“ngayon, hindi na ako nagp-Pretend! Pero ngayon, iba na dahil may nararamdaman na ako sa’yo,.. Can I take the responsibility, as Chad Ayala?”

Speechless parin siya kaya napatingin ako sa kanya.

O.O *SH.T*

Chapter 8.6

Nagda-drama ako habang TULOG siya.

Ano ba namang buhay to 0h!

Bigla ko na lang nahampas yung busina nang malakas.

BEEEEEEEEPPPPPPPP

Agad naman siyang umupo nang maayos..

“bakit?! nasa bahay na ba tayo”

Nalaglag ang panga ko, wala nga siyang narinig.

“a-Ah! wala, may aso kasi ayaw umalis sa daan kaya binusinahan ko nang malakas”, ako sabay turo pa sa daan.

“ahhh.... nandyan pa ba?”

“w-wala na!”

Pinaandar ko na ulit yung sasakyan.

“mamaya mo na ako gisingin ha?, napagod ako sa kaba kanina, hindi mo man lang sinabi na mama mo pala yung ipapakilala mo sa akin” =__=

“okay” -__-

Ako na ang na-speechless sa kanya.

Gusto ko siyang sigawan .. tama bang gawin yun?!

Tsk.

Inihatid ko na siya.

“salamat, at pakisabi kay tita na ang sarap din niyang magluto”,

Nasa harap na kami nang bahay nila kaya bumaba na kami.

Bumaba rin ako, kailangan ko na talaga sa kanyang sabihin.

Naglalakad na siya papasok.

“Ista..”tawag ko.

Lumingon naman siya.

“bakit ka pa bumaba?”

“may kailangan lang talaga akong sabihin”

“a-ano yun? bukas na lang gabi na eh”

“importante, please hear it out, okay?”

“ang totoo kasi niya ay hindi---“

“0h Chad! Sophia, dumating na pala kayo”, si Tito.

Nice timing naman lagi sina Tito at Tita kapag sasabihin ko na eh,

“papasukin mo si Chad, anak!”

“hindi na po Tito, hinatid ko lang po si Sophia”

“ah! ano nga ba yun Chad?”

“hmmm?”

“yung sasabihin mo na importante?”

“sa susunod na lang.. okay!? magpa-practice na ako bukas at baka matagalan kaya baka hindi kita masundo..”

“okay lang. sige, gabi na rin naman kaya umuwi ka na, ingat”, siya.

“okay”, ako.

Sumakay na ulit ako sa kotse habang papasok naman siya sa bahay nila.

Pinaandar ko na yung kotse ko at umuwi.

A/N:

Hahahaha Ipinapaalala ko lang po na isa lang itong Side Story at ang Main Story po ay ang My Double Prince, kaya po ito ay medyo maikli lang.. sinubukan ko po talaga siyang pagkasyahin lang sa mga 10-15 Chapters kasi 3 Side Story pa po ang gagawan ko.

hahaha hope you understand.. pero katulad nga po nang sabi ko: “may good news ako kapag natapos ko ang 4 na Side Story Before ang mag-start ang school di ba?

Ano na nga ba ang mangyayari sa kanila? Kay TAN at kay ISTA?

Next Chapter > The Mistake.

Vote and Comment sa may gusto, sa ayw wag pilitin baka pumayag

#krix08 >> The Dream Prince Met The Sadist Princess

Chapter 9.1

>Sophia's POV<

Katulad nga nang sabi niya, hindi ko na siya hihintayin mamaya kasi matagal ang practice nila at hindi niya ako masusundo kahit gusto ko.

Ayoko naman maging selfish girlfriend!

"Sophia.." ^__^ bulong ni Aira na biglang tumabi sa akin, absent kasi katabi ko.

"bakit?..", =__= bulong ko rin.

"bakit hindi ka sakin nagkwe-kwento"

"nang ano?" -__-

"nang ano pa, eh di yung inyo nang great-great boyfriend mo?"

"wala namang dapat ikwento eh,"

"anong wala, kung hindi dahil sa akin eh di sana hindi kayo magkakilala! hindi mo sinabi sa akin na boyfriend mo na pala si Andrew" <(>0<)>!!!

True enough, kung hindi dahil sa kanya hindi kami ni Tan at KUNG HINDI RIN DAHIL SA KANYA HINDI SANA MAWAWALA ANG KAYAMANAN KO… pero never kong nakwento sa kanya yung about sa hotel thingy, hindi na rin naman siya nagtanong kaya bat ko sasabihin, at pano? Sasabihin ko na ~uy salamat, dahil sa'yo hindi na ako virgin~ yuck!!

Pero nagtaka ako sa last niyang sinabi 'Andrew'

"ha? sino? Andrew? si Chad yun" (.--)"??

"Chad? who the hell is that person? Nagtwo-two time ka ba sa boyfriend mo?" 0.0

"two time? Hell no!", medyo napalakas kaya tinakluban ko yung bibig ko.

"oh eh sino yung Chad?"

"hindi mo ba siya nakita kahapon? Si Chad, yung boyfriend ko at siya yung pinakilala mo sa bar dati"

"Chad? loka-loka ka ba? Andrew pangalan nung pinakita mo kahapon, tanda ko no kaya wag mo kong lokohin dahil si Mike mismo nagpakilala sakin dun" =__=

Now that I remember, hindi ko naman dati alam ang pangalan niya eh. Nung nasa bar kami.. nalaman ko lang ay nung day after na sinampal ko siya.

“Chad”

“Andrew”

“Chad”

“Andrew”

“impossible namang hindi ko alam yung pangalan nang boyfriend ko no! Chad” (.~~)

“ehhh?? Kung ganon sino yung nakilala ko sa bar dati? Andrew? Chad” (~.~)??

“baka naman iba yung pinakilala sa’yo nung Mike tapos inakala mo na si Chad”

“baka nga, pero isang hottie hindi ko matatandaan.. napaka-impossible naman ata nun”

Napa isip din ako. as far as I know,. Lahat nanag gwapo sa paningin ni Aira kilala niya, pero baka naman nagkamali lang talaga siya.

pak

Bigla niya akong tinapik nang malakas sa braso.

“awwww----“, tapos tinakpan ng kamay yung bibig ko.

Ngayon nyo pa ba tatanungin kung bakit ako nagiging sadista? Tingnan nyo na lang ang mga kaibigan ko! tsk.

Napatingin yung iba naming kaklase sa aming dalawa, buti na lang yung Teacher namin ay medyo matanda na kaya baka hindi rinig. Sana!

“hindi kaya may kapatid siya tapos magkaibing lalaki yung boyfriend mo at yung lalaki sa bar na nakilala ko?”

Napa-isip ulit ako sa sinabi niya.

Impossible, dahil kung kahit identical twins may pagkakaiba pero yung lalaki sa bar at si Chad, I’m definitely sure na iisa lang.

“pero napaka-impossible naman nun, well.. samahan mo ko mamaya, no excuses.. hindi ka naman niya masusundo di ba?”, saby tumayo na siya at umupo sa upuan niya. ^__^

Buong klase kong iniisip yung sinabi niya sa akin.

Bigla akong kinabahan.. dahil dun sa pangalan nung…
.
.
.
.Andrew.

Chapter 9.2

Tapos na ang klase namin.

“tara na! sasamahan mo ako whether you like it or you like it”, si Aira.

Eto naman si Ms. Shopping Addict na nagaakit na samahan ako, wala naman akong magagawa kaya sasama na rin ako.

Lumabas na kami at sa hindi nga naman inaasahan na pagkakataon ay saktong labas din ni Bea and her alipores gang sa classroom nila which is katabi lang nang room namin, ka-year ko siya pero iba section namin ni Aira.

Naglalakad na kami sa tabi nila pero biglang humarang silang apat sa amin.

“ang mga B.TCH nga naman ngayon pakalat-kalat na”, Bea.

Sabay tawa nang 3 niyang alipores.

Tsk. Wrong timing tong 4 eh, kasama ko si Aira kaya hindi ko siya maloloko dahil..

“0h!! Sophia, may PAA na pala na naglalakad ngayon sa school natin, I mean mukhang PAA pala”, si Aira.

Hahahahaha, I forgot to tell you that, SHE’S DEFINITELY A BULLY.

Pero hindi ako nagpatalo kaya humirit din ako.

“ahhh.. PAA, sorry all along I thought BABA yung naglalakad, or mukhang BABA”, ako sabay tingin kay Bea.

Hahahaha ^___^ priceless yung mukha niya, sobra. Halatang umuusok na sa galit..

“tara na Sophia! Baka mahawahan tayo… ewww”, si Aira.

Tinabing namin yung mga alipores niya na nakaharang sa daan.

Pagkalayo namin agad namang tumawa si Aira with clap pa yan pag tumawa.

“hahahaha *clap**clap* nakita mo ba yung mukha niya, sobrang priceless.. may priceless palang PAA no scratch that, BABA pala, hahahaha” ^___^

Sabi ko sa inyo bully yan eh,

Nagpunta na kami sa mall, para matapos na agad siyang mamili bilang isang Ms. Shopping Addict.

Ang dami na naming nabibili, bags, clothes, heels.. =___=

Gabi na kami sa mall.. mall nila Tan to, to be exact.

Tsk. Ano bang maganda sa mga to?

Nagtataka ba kayo kung bakit ko yan naging kaibigan kahit na magkaibang-magkaiba kami.. siya mahilig sa mga girlish na bagay at ako naman, hindi ganon masyado.

Simple lang, dahil parehas kaming B.TCH at parehas kaming BULLY! Lalo na pagdating kay Bea and her alipores.

“dito naman tayo”, sabay pasok na naman niya sa isang store.

Tsk.

Nagagaya na ako sa tsk ni Tan, kasi naman..

Kumuha si Aira nang isang tube dress tapos pumasok sa Fitting Room, ako naman nag-intay sa labas.

Pagkalabas niya, suot niya yung tube dress na kulay violet.

“bagay ba?”, tanong niya. ^__^

Tumango lang ako. lahat naman bagay sa kanya eh,

Pumasok ulit siya sa fitting room at paglabas niya, yung uniform na namin suot niya tapos bitbit yung violet tube dress at pumunta sa cashier.

As usual, pagkatapos niya sa isang store lumabas na ulit kami.

Pero nang palabas na kami ay bigla niyang hinarang yung kamay niya sa tummy ko kaya napatigil ako.

“sinungaling!” girl.

“wala nga, baka naman hindi ako yun!!”, boy

“hindi ikaw, sino namang magpapanggap maging ikaw?!” girl

“ayaw mo na namang maniwala sa akin eh, don’t you trust me? Babs?” boy.

Napatingin ako sa dalawang nagtatalo at O.O nanglaki yung mata ko sa kung ano ang nakita ko, no- mali, kung SINO ang nakita ko.

Chapter 9.3

()__()

Akala ko ba may practice siya.

Bakit nandito siya? at sino yung babaeng nakikipagtalo sa kanya sa loob nang mall sa harap nang maraming tao.

Si Tan.

Magkaharap lang sila nung babae. maganda yung babae,.

“I trust you, pero sinisira mo naman!”

“hindi nga ako yun, di ba magkasama lang tayo kahapon nang hapon kaya pano mo ko makikita sa mall nang gabi?”

“pero---“, biglang napatigil yung girl sa sinasabi niya nang makita niya ako.

“siya yung babae kahapon”, medyo mahinang sabi nung girl kay tan tapos tinuro ako.

Napatingin naman sa akin si Tan,. Ngayon ko lang napansin naka-contact lense pala siya nung blue.

Tinitigan niya lang ako nang matagal na parang sinusuri tapos nagsalita siya.

“di ba ikaw yung sa bar--?”, (.--)”?? nakatingin siya sa akin.

Ano ba pinagsasasabi niya?

Ako ba kausap niya? bakit parang hindi niya ako kilala?

“BAR!? See?! Kilala mo nga siya! Andrew naman eh,”, sigaw nung babae kay Tan tapos lumakad na papalayo.

“Babs, wait! Chloe!”, si Tan.

Napatingin ako sa kanya, he never called me Chloe.

Pero hindi siya nakatingin sa akin.

“don’t call me chloe”, sabi nung girl habang naglalakad nang mabilis palayo kay Tan.

So siya yung tinatawag niya at hindi ako?, Chloe.

Ibig sabihin, siya yung EX niya na sinabi niya sa akin. Chloe rin pangalan nun eh, pero bakit sila magkasama ngayon?!

Bakit ganon si Tan? Hindi ba niya ako namukhaan? Bakit parang hindi niya ako kilala.

“SEE?”, biglang humarap sa akin si Aira.

“ha?”

“Andrew ang pangalan niya, hindi Chad”

Ngayon lang nag-sink sa utak ko na tinawag siyang Andrew nung babae.

Andrew?

“but that’s not the issue here, *SH.T* that boyfriend of yours, first nagtwo-time sa’yo and second ha! hindi ka man lang niya pinansin na parang ikaw yung niloko niya, Aish! Hate him” >.<

Para akong binuhusan nang malamig na tubig sa nakita at narinig ko.

Nabato ako sa kinatatayuan ko,.

Hindi ako makahinga nang maayos.

Anong ibig sabihin nang mga nakita ko..

Tan?!

Nag-intay ako nang text niya hanggang madaling araw.

Nandito ako sa kwarto ko at hindi makatulog, hindi na rin ako kumain nang hapunan pagdating ko sa bahay.

Hindi ko siya tine-text dahil hindi ko alam ang sasabihin ko.

12:30am na pero wala pa rin akong call or text galing kay Tan,.

Nagbalikan na ba sila?

Kailan pa?

Nung bago maging kami? nung kami? o ngayon lang?

Bakit ganto yung nararamdaman ko.

May sakit ba ako sa puso, para akong hindi makahinga nang maayos at naninikip yung dibdib ko simula nang makita ko silang dalawa kanina nung EX niya.

“@rgh~ babatukan kita pag nakita kita, humanda ka!”, my voice broke. Q(-_Q-)

Bigla kong pinunasan yung tubig na mula sa mata ko.

Tumingala ako at pinipigilan ko.

Bakit ba lagi na lang akong nasasaktan sa mga lalaki?

Am I that bad?

Pero bakit MAS masakit yung nararmdaman ko ngayon kumpara nung nakipag-break at sinabihan ako nang masasama ni Ryan!

Did I really fall with that stupid and dense Tan!

Humiga ako sa kama ko at nagtaklob nang unan.

Hindi ko na napigilan, sumisikip na naman ang dibdib ko at tumutulo na ang mga traydor kong luha.

Masakit pala lalo yung hindi siya nakipag-break, pero niloko ka niya.

Nababasa na ang unan ko sa kaiiyak pero wala akong pakialam.

Chapter 9.4

Nakatulog na rin ako siguro nang two hours naman, pumasok ako sa klase ko nang maaga dahil P.E. ang una naming subject.

Buong P.E. class wala ako sa sarili ko, nagpunta na kami sa classroom dahil tapos na ang P.E. class.

“uy, anong problema mo?”, biglang tumabi na namn si Aira sa akin dahil wala ang gangster kong katabi.

“h-ha” =__=

“hindi ka natulog, yung eye maleta mo grabe!”, siya.

“eye maleta?”

“eye bag kapag maliit, eye maleta kapag malaki. Hahaha”

“tsk.”

“pero anong problema?, duh~ nagtanong pa ako.. nakita nga pala natin ang boyfriend mo kahapon”

“nakaktulong ka Aira! You’re a great friend, alam mo ba yun.. well kung hindi, pinapaalam ko sa’yo”, I told her with full of sarcasm.

“hehe, alam ko.. sige yun lang, uupo na ko sa upuan ko”

“mabuti pa nga”

pak

“aray!”

“ang sama mo, pinapaalis mo friend mo”

Tinapik na naman ako nang sobrang lakas. Tsk.

“hindi ah! di ba ikaw nga yung great friend ko” I told her with full of sarcasm again.

“hehehe, hindi na.. alis na ako”

“psssh”

Pagkatapos nang klase namin, hindi na ako umasang susunduin niya ako.

Hindi nga siya nagtext sa akin at tumawag para lang mag-explain tapos susunduin pa ako?!

Pero kailangan ko siyang makausap, kung iniisip niyang ganon ako kadaling susuko, HINDI!

Pagkatapos na pagkatapos nang klase ay pumunta ako sa bahay nina Tan!

Solo lang ako.

*ding**dong*

Kung nadito siya eh di maganda, pero kung wala iintayin ko siya.

Biglang lumabas si manong guard pagka-doorbell ko.

“si Chad po?”, tanong ko.

“ah si sir po ba! ay wala pa po eh, hindi pa nauwi, kayo po yung kasama niya nung isang araw di po ba? pasok po kayo”

“salamat po”

Binuksan naman ni manong guard ang gate at pinapasok ako.

Habang naglalakad ako papasok ay nagsalita si manong.

“pero nandyan po si mam”

Baka si Tita.

“ah! sige po”

Pumasok na ako nang pinto.

“Anak, para namang ang aga mong—ohh!! Sophia”, si Tita.

“tita! Magandang hapon po”

“napadalaw ka”

“may tatanong lang po kay Chad”, seryoso kong sabi.

“mukhang seryoso ah! pero wala siya eh, inatyin mo na lang.. mabuti at napaagap ako nang uwi, Tito kasi ni Chad ang nasa meeting ngayon eh”

“ganon po ba?”

“0hh!! Wag kang tumayo dyan, umupo ka”

Nakatayo pa rin kasi ako sa tapat nang pinto kaya pinaupo ako ni Tita sa sala. Nag-upo rin si Tita.

Chapter 9.5

Napatingin na naman ako sa portrait nilang tatlo sa sala.

“ang gwapo naman po ni tito”

“oo kaya ako na-in love dyan eh, ang kaso…” huminga siya nang malalim.

“babaero eh…”, patuloy ni Tita.

“po?”

“hahaha babaero yan, pero hindi naman ganun kalala.. tinatanong mo sa akin dati kung meron si Chad na kapatid, ang totoo niyan wala pero actually meron..”

“pero bakit po—“, ako sabay turo sa tatlong portrait.

“bakit wala siya sa portrait at kami lang tatlo?, dahil nagkaron si Chad nang half-brother sa father side niya”

“half-brother po?”

“oo, pano nyo po nalaman?”

“alam ko na talaga pagkapanganak ko pa lang kay Chad, sinabi na sa akin ni Alex ang lahat nang nangyari nang pumunta siya sa England, nakakilala siya nang babae at may nangyari sa kanila pero dahil meron na siyang commitment dito sa Pilipinas at pinagbubuntis ko na si Chad, kaya bumalik siya sa akin… pero alam kong mahal niya ako, masama mang isipin pero alam kong mahal niya rin ang babaeng nakilala niya sa England.. pagkapanganak ko saka niya sinabi sa akin ang lahat.. and guess what?”

“ano po?”

“nagkita si Chad at ang anak niya sa school, hahaha.. kaya nang sinabi sa akin ni Chad and tungkol sa kanya, hindi na ako nagulat. Gusto ko nga siyang makilala dahil nalaman ko rin kung ano ang pinagdaanan niya sa England nang dahil sa nangyari, kaya gusto ko siyang ituring din bilang anak. Wala akong tinatanim na sa babaeng nakilala ni Patrick sa England.. at lalong lao na sa bata na wala namang kasalanan”

“napakabait nyo po Tita”

“naku hindi! gusto ko rin siyang makita at panigurado na magugustuhan mo rin ang kapatid niya”

“bakit po?”

“dahil ang alam ko, ang sabi sa akin ni Chad. magkamukhang-magkamukha daw sila”

Nanginig ang buo kong katawan sa sinabi ni Tita.

“ma-magkamukha po?”

“oo, mata lang daw ang pinagkaiba nila.. kay Andrew blue at kay Chad black”

“Andre..w?” nanginginig kong tanong.

“oo, yun daw ang pangalan nung kapatid niya eh,”

Naninikip yung buo kong katawan sa nalaman ko ngayong araw.

Kung kahapon parang nahihirapan akong makahinga, ngayon hindi na ako makahinga sa lakas ng impact nang mga nalaman ko.

“pero magkaibang-magkaiba sila nang ugali, kasi ito atang si Andrew ay nagmana sa dad nila sa pagkababaero tapos si Chad naman, seryoso sa lahat nang taong minamahal niya pero ang pagkakapareho nila parehas silang nahulog sa iisang babae, si Chloe”

“c-chloe po?”

“naku! wag kang mag-alala EX na siya ni Chad at sila na ngayon ni Andrew, at hindi ko naman nakilala si Chloe, kwenento lang ni Chad,.. wag ka ring mag-alala dahil ikaw na ang mahal nang anak ko, okay?”

Biglang tumulo yung tubig na traydor sa mata ko, bakit ngayon pa! pinunasan ko agad gamit ang kamay ko pero napansin ata ni tita.

“Sophia, a-anong problema? May nasabi ba ako! naku! yung kay Chloe, wala na yun sa anak ko, sorry kung nabanggit ko pa! sophia”

“A-ayos lang po tita, b-babalik na lang po ako” Tumayo na ako at naglakad palabas nang bahay nila.

“Sophia! Hija!”, tawag ni tita pero nagdire-diretso lang ako.

Lumabas na ako nang bahay nila. hindi ko na inintay si manong guard na pagbuksan ako dahil ako na mismo ang nagbukas nang gate at naglakad paalis sa bahay nila.

Naglalakad ako sa village nila palabas pero patuloy pa rin sa pagtulo ang luha ko. kaya hindi ko napapansin ang mga tao at sasakyan na dumadaan.

Chapter 9.6

Naiyak pa rin ako.

Pinupunasan ko sila nang kamay ko.

Ang sakit na! ngayon, sobra-sobra pa ang nalaman ko.

Si Chloe, EX niya pero sila na ni Andrew.

Si Andrew na nakasama ko sa bar na kapatid ni Chad.

At si Chad na naging boyfriend ko dahil sa pagkakamali ko.

Ang tanga ko!! sobraaaa!!! Sobrang galit ako sa sarili ko BIG TIME!!

Tumutulo pa rin sila, hindi pa ako nasakay nang taxi, mukha na akong tanga na naglalakd sa village habang naiyak.

Pero bakit ko kailangan mahulog sa pagp-PRETEND ni Chad, ganon na ba siya kagaling mag-PRETEND!!

Pero hindi naman siya ang may kasalanan, AKO!! ako yung pumilit sa kanya kahit dine-deny na niya dati pa!!

Pero ang sakit lang na, pumayag siya pero ako yung tangang nahulog.

Bakit pa niya kailangang mag-PRETEND?!

OO nag naman, para hindi masaktan si Chloe na mahal niya pa rin hanggang ngayon.

Kasi sinabi ko sa kanya na kung may girlfriend siya, i-break na niya.. Kaya siguro hindi na niya sinabi pa sa akin na hindi siya ang nasa Bar dahil iniisip niyang baka sina Andrew at Chloe ang magulo.

ANG SWERTE NAMAN NI CHLOE!!

Pinupunasan ko pa rin ang luha ko.

Ang galing niyang mag-PRETEND!

Hindi ko namalayan na nasa labas na ako nang village.

“ISTAAAAA!!!!!!!”

Chapter 9.7

>Chad's POV<

Katatapos lang nang practice namin.

Katulad nang sabi ko kay Ista, hindi ko siya masusundo ngayon dahil gabi na kami natapos sa practice pero pano ko masasabi yung totoo.

Patagal na nang patagal ang pagsasabi ko baka mamaya hindi ko na masabi sa kanya ang totoo.

"captain!", tawag sakin ni Dan. ^__^

"oh? bakit?", -___-

"bat ganyan na naman mukha mo? kasi hindi mo nakita yung Girlfriend mo, shemay in love na nga si Captain isang araw pa lang miss na agad",

"eto gusto mo?" Q(-_-Q)

"hahaha, joke lang captain! Basta mamaya ha?"

"oo na!"

"wag mong kakalimutan birthday ko!", si Dan.

"nagb-birthday ka pala! Hahaha", ako

"oo naman! Bata pa ako eh, hindi katulad mo.. matanda na!" ^___^

=___= hindi ako matanda. Magkasing-edad nga lang kami at di hamak na mas mukha naman akong bata kung ikukumpara mo sa kanya no!

"basta! Pupunta ka ha!! BAWAL.KANG.UMINOM. sige na, TEAM mamaya sa condo ha?", paalam ni Dan sa amin.

Lumabas na siya sa gym.

Kami namang mga natira ay dumiretso na sa shower room.

Umuwi muna ako para makapag-pahinga kahit isang oras., pagdating ko sa bahay ay wala pa si Ma! Siguro nasa meeting na kasama nina Tito.

Katulad nang sabi ni Dan, pumunta ako sa kanila para sa birthday niya.

At kahit papano naman binilhan ko siya nang regalo, bata eh.

Bumaba na ako sa kotse at pinark ko sa building nang condo niya.

Ang alam ko, 19th floor yun eh.

Eto na nga!

Binuksan ko na ang pinto nang condo nang birthday boy.

“eto na pala si captain eh”, coach. ^__^

“0h captain! kain ka muna..”, si Troy.

“tsk, tagay muna captain”, si Von

“BAWAL.SI.CAPTAIN.UMINOM”, si Dan.

Alam ni Dan na mahina ako pagdating sa pag-inum.

“0h!”, abot ko (.~~)--> (**.)

Ang mukha nang gago.

Kinuha naman yung dala ko.

(.~~) <--(**.)

“whahaha si Dan, iiyak na yan”, loko ni coach.

“CAPTAIN!!” (/ * 3*)/ sabay yakap sakin.

“bitaw! Ah-Ah!! bitawan mo ko”, tinutulak ko siya.

“hindi ko akalain na, mabait ka pala, eto yung gusto kong latest shoes na nakita natin di ba?”

“bitawan mo ko, babawiin ko yan!”, ako.

Binitawan naman ako. (~.~) (*,*)

Nakita ko kasi na gusto niya yung sapatos na nakita namin pang-basketball. Kahit na kaya niyang bilhin, ako na yung bumili para sa kanya.

“oh tama na yan!”, si Troy.

“naiiyak na si birthday boy”, si Von. ^___^

Umupo na ako at kumain muna, magaling si Dan magluto kaya luto niya lahat nang yan.. ang papa naman niyan ay nasa States at ang mama niya, katulad ni Mama, busy sa company.

Chapter 9.8

Katulad nang inaasahan, isang oras pa lang ang nakakalipas ay lasing na ang mga sira.

Lumabas muna ako sa condo ni dan, may bibilhin lang ako sandali sa labas nang building.

Naalala ko bigla si Ista nang makita ko ang park na katapat ng building ni Dan.

Sa park din kasi kami unang nagkita.

Nilabas ko na ang cellphone ko at ida-dial ko na ang number niya nang.

swssshhhhh

“hoy! Ibalik mo yan! gago!!” (~/•\~) sigaw ko sa lalaki.

SH.T

Hayae na nga, bigla kasing may dumanggil sa akin na lalaki tapos hinablot yung cellphone ko at tumakbo nang mabilis.

Cellphone lang naman, pero pano ko ngayon tatawagan ni Ista.

Hindi ko na nga nasundo hindi ko pa tatawagan.

Batok na naman ang abot ko pag nagkataon.

Hindi naman ako makahiram ng Cellphone nang iba kasi hindi ko memorize number niya, dapat pala alamin ko na yun.

Bumili na lang ako nang bibilhin ko at bumalik na rin sa condo ni Dan.

Tulog na silang lahat nang bumalik ako. @__@

Si coach at Dan na lang ang matinong gising.

“lahat ba nang mga yan, dito ang tulog?”, tanong ko. =__=

“oo, hayaan na lang natin. ikaw ba coach?”, si dan.

“dito na rin ako”

“0h! pano una na ko coach, birthday boy”, ako.

“sige captain, salamat ulit”, si Dan. (**.)

Hindi pa rin nawawala ang kinang sa mata nang gago, bawiin ko kaya. hahaha

“ingat ka” ^__^

“sige”, saka ako lumabas ulit sa condo ni Dan.

Umalis na ako sakay nang kotse ko at umuwi na.

Tsk. Tulog na halos lahat nang maid dito, si manong guard na lang sa gate ang hindi.

Mga 11:30 na rin kasi ako nakauwi.

Pagkapasok ko sa kwarto ko ay diretso higa na ako sa kama.

Hmmm… hindi ko siya ngayon nahatid.

Alam ko na, susunduin ko na lang siya bukas nang umaga para ihatid sa school niya,.

And with that, natulog na ako nang 12:00am (___ ___)

krriiiinggggg

Gumising na ako nang marinig ko ang sinet kong alarm.

Inagahan ko talaga kahit alam kong wala kaming practice dahil may hang-over ang Team, ako maghahatid sa kanya ngayon.

Pagkatapos kong magbihis ay pumunta na ako sa bahay nila dala ang sasakyan.

Tanghali pa naman ang klase ko kaya ayos lang din.

Mag-dodoorbell na sana ako nang biglang…

“Chad.. hijo.. 0h! bakit ka nandito?” si Tita. ^__^

“Tita, ihahatid ko po sana si Chloe sa school nila eh,” ^__^

“ayyy.. ganon ba? nakaalis na kasi siya eh, nagpahatid sa driver namin.”

Nasayang lang pala effort ko, pero hindi ko pinahalata kay Tita.

“o sige po, mamaya na lang po”

“may problema ba kayo?”

“ahh—bakit po? wala naman po”

“kagabi, hindi yun kumain at nakinig ko na umiiyak nang madaling araw sa kwarto niya at napansin ko na 3am na niya pinatay ang ilaw sa kwarto niya”

“b-bakit po tita?”

“hindi ko alam, akala ko nga dahil sa nag-away kayo pero mukhang hindi naman eh”

“hindi lang po kami nagkita nung isang araw dahil sa may practice ako, pero sinabi ko po sa kanya”

“ahhh---baka naman nagkakamali lang ako, sige sasabihin ko na lang na dumaan ka”

“wag na po, ako na lang po maghahatid kay Sophia pauwi”

“sige, ingat ka”

“opo”

Umuwi na ulit ako pagkatapos nun.

Ano naman ang gagawin ko di ba?

Chapter 9.9

Napa-isip ako sa sinabi ni Tita, naiyak? Baka naman nagkamali nga lang si Tita.

O baka naman ginulo na naman siya nang EX niya.

Parang gusto ko na namang bumasag nang panga. -____-+++++++

Mamaya ko na lang siya susunduin, bago ang practice ako ang maghahatid sa kanya.

Hindi ko naman siya mai-text kahit na nakabili na ako nang Cellphone.

Bakit nga ba hindi ko tinanong kay Tita ang number ni Ista, tsk. Mamaya na nga lang.

Inintay ko lang mag-tanghali at pumasok na rin ako.

Katulad nang sabi ko, bago ang practice ay susunduin ko siya.

Kaya naman nandito na ako sa tapat nang school nila.

Pero 30 minutes na akong anndito at hindi ko pa rin siya nakikita, dapat kanina pa siya labas.

Nakita ko yung isa sa mga kaklase niya, hindi ko alam pangalan. Si Aira lang naman pinakilala niya sa akin eh,

Nilapitan ko.

“excuse me, nakita mo ba si Sophia?”, tanong ko.

-__- (**.)

Dapat pala sa lalaki ako nagtatanong.

“sige wag na lang pala”

“a-ah! kanina pa siya umalis eh, pagkalabas na pagkalabas namin, siguro mga 1 oras na”

“sige salamat”

“w-walang anuman”, (**.)

sigh ano bang nangyayari sa kanya? bakit naman ang agap niya ngayong umalis.

“alam mo ba cellphone number niya?”

“hindi eh”, (**.)

“sige salamat.”

Umalis na ako at iniwan ko ang matang nanginginang nung kaklase ni Ista, ngayon lang ba may nadalaw na lalaki dito?

Papasok na sana ako nang kotse nang makita ko si Aira!

Tama! Sigurado na meron siyang contact number kay Ista.

“Aira!”, tumingin siya sa akin at lumapit ako.

“nakita mo ba si---“

PAK

“aray!”, napahawak ako sa pisngi ko.

“at ang lakas nang loob mong magpakita dito? matapos mong lokohin si Sophia, tapos parang hindi mo man lang siya kilala nang makita mo kami sa mall!! How dare you”, sabay turo sa akin. (.~~)-

“a-ako?”

“OO, ikaw at wala na ngang iba pa!”

“p-pero hindi ko kayo nakita sa mall, at may practice ako kahapon.. kaya pano yun mangyayari?”

“wag ka nang magmaang-maangan, tara na nga!”, sabay umalis siya kasama yung lalaking kasama niya.

What was that slap for?

Ngayon hindi na ako nagtataka kung kanino nagmana si ista.

Pero ano yung sinabi niya na ‘matapos mong lokohin si Sophia, tapos parang hindi mo man lang siya kilala nang makita mo kami sa mall’

Eh hindi ko nga sila nakikita sa mall.

Hindi ko na alam ang nangyayari, halos 2 araw na kaming hindi nagkikita.

Chapter 9.10

Hindi na ako makakapunta sa kanila ngayon, mamayang after practice pupunta ako sa kanila at aalamin ko na rin kung bakit siya naiyak nung madaling araw.

Uuwi muna ako para kumuha nang pampalit para sa practice.

Nagmamadali akong mag-drive.

Pagkauwi na pagkauwi ko ay nakita ko si Ma! Na parang nag-aalala.

“Ma!” tawag ko.

“CHAD! anak! Sorry, hindi ko kasi alam na”

“ano po?”

“si Sophia kasi pumunta dito at hinihintay ka kani-kanina lang tapos nakwento ko yung about kay Andrew at Chloe blah blah blah blah”

Nabato ako sa kinatatayuan ko.

Alam na niya?!

Ito na nga ba ang kinakatakot ko eh,.

Bakit ngayon pa?

Kinabahan ako bigla.

“kaaalis lang po ba niya?”

“oo anak, sorry atlaga--- Chad!!”, si ma!

Bigla akong tumakbo palabas nang bahay at hindi ko alam pero tumakbo ako papunta sa labas nang village.

Tumatakbo ako nang makita ko ang isang babae na nasa labas na nang village at nagpupunas nang parang luha niya sa pisngi gamit ang kamay.

Nasasaktan na naman ako dahil nakikita ko siyang umiiyak, pero this time..AKO na ang may kasalanan.

Hindi ko alam kung paano ko sisimulan pero kailangan mapaalam ko sa kanya hindi lang ang totoong nangyari kung hindi pati ang nararamdaman ko sa kanya.. alam kong alam

nya rin na totoo ang nararamdaman ko, dahil sa lahat nang nangyaring PAGPAPANGGAP, ang NARARAMDAMAN lang namin ang PINAKANG-TOTOO.

“ISTAAAAA!!!”, sigaw ko.

Chapter 9.11

>Chad's POV<

"ISTAAAAA!!!", sigaw ko.

Napatigil siya sa pagsigaw ko, at napatingin sa akin habang pinupunasan ang luha.

Tama ako! umiiyak siya, nasasaktan.. and this time gawa ko.

Parng tinutusok nang maliliit na karayom unti-unti ang puso ko pag nakikita ko siyang ganon.

Lumapit na ako papunta sa kanya..

"ista.."

"chad..", malungkot ang pagkakasabi niya.

She never called me Chad, seryoso siya ngayon.

"I-I'm sorry", ako.

Ewan ko pero pakiramdam ko yun ang una kong dapat sabihin.

"a-ayos lang hahahaha, ano ka ba! ako nga may kasalanan sa'yo eh" fake yung pagtawa niya, umiiyak siya at pinupunasan niya pa rin to.

Lalapit na sana ako para punasan ang luha niya pero pinigilan niya ang kamay ko.

"ginawa ko lang yun para kay---"

"Chloe.." siya.

"pero---"

"ayos lang, ano nga ba naman ang laban ko sa first love mo.. ang swerte niya kasi hanggang ngayon mahal mo pa siy---"

"NOONG UNA OO, pero unti-unti.. Ista, unti-unti nahuhulog ako sa pagpapanggap ko.. at ngayon,.. at ngayon.. nahulog na ako"

"ha-ha-ha ano ka ba? wag ka ngang ganyan, baka maniwala pa ako eh",

"totoo ang sinasabi ko, I fell… in love… with you"

Sa halip na ngumiti siya, lalong tumulo ang luha niya na agad naman niyang pinupunasan.

“babatukan kita sa susunod na sabihin mo yan *hikbi**sob*”

“kahit ilan pa! basta gusto kong malaman mo kung ano… kung ano ang nararamdaman ko para sa’yo.. ISTA! I Love You!”, ako.

Parang napatigil lahat nang ingay nang sinabi ko yun sa kanya kahit ang pag-hikbi niya tumigil.

